# KATESISMO KAY SAN JOSE


## *Kabanalang Tinig ng Katahimikan*

**ni Reb. P. Jun E. Flores, PhD**



**Para sa pagdiriwang ng Taon ni San Jose 2021**

Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP)
Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE)



# KATESISMO KAY SAN JOSE

## *Kabanalang Tinig ng Katahimikan*

ni Reb. P. Jun E. Flores, PhD

**Para sa pagdiriwang ng Taon ni San Jose 2021**

Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP)
Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE)

***Nihil Obstat:***

Reb. P. Ernesto B. de Leon
Kalihim, CBCP-ECCCE

Marso 19, 2021

***Imprimatur:***

†Obispo Roberto C. Mallari, DD
Tagapamuno, CBCP-ECCCE

Mayo 1, 2021

**Inilathala ng** University of Santo Tomas (UST) Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED)
Room 211, Thomas Aquinas Research Complex (TARC),
UST, España Boulevard, Sampaloc, Manila, Philippines, 1015
Telepono: +632-8786-1611 local 4040 | Telefax: +632-8731-3535
Email: rcssed@ust.edu.ph

**Karapatang-Ari © 2021 ng** *Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) - Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE)*, *University of Santo Tomas (UST) Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED)*, *Diocese of San Jose de Nueva Ecija* at ni *Reb. P. Jun E. Flores, PhD.*

Reserbado ang lahat ng karapatan kasama na ang karapatan sa muling paglilimbag at paggamit sa anomang anyo at paraan maliban kung may nakasulat na pahintulot mula sa mga may hawak ng karapatang-ari.

Unang paglimbag, 2021.

Disenyo ng libro nina *Vincent Reuben E. Valientes* at *Jervee C. Gatchalian*
Disenyo ng pabalat ng libro ni *Vincent Reuben E. Valientes*
Larawan nina San Jose at Hesus mula sa *Katedral ng San Jose de Nueva Ecija*

**Rekomendadong Talâ:**

Flores, Jun E., Father, may-akda.
Katesismo kay San Jose: Kabanalang Tinig ng Katahimikan / ni Reb. P. Jun F. Flores, PhD. – [Manila, Philippines] : Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) - Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE), University of Santo Tomas (UST) Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED), c2021.
xiv, 118 pp., 22.86 cm.

ISBN 978-621-8269-00-2 *(Softbound)*
ISBN 978-621-8269-01-9 *(PDF)*
ISBN 978-621-8269-02-6 *(Epub)*

1.Catechists. 2. Catholic Church -- Catechism. 3. Joseph, Saint. I.Title.

BX1959 .F663 2021

**Inilimbag ng** Apo Jose Catholic Educational System (ACES) Foundation, Inc.
Afan Salvador Street, Barangay St. John, Guimba, Nueva Ecija, 3115
Telepono: (044) 958-2553
Email: aces_sanjose@yahoo.com

Ang gawang ito ay lisensiyado sa ilalim ng *Creative Commons Attribution-NonCommercial-ShareAlike 4.0 International License*. Upang makita ang kopya ng lisensiyang ito, bisitahin ang http://creativecommons.org/licenses/by-nc-sa/4.0/ o magpadala ng sulat sa *Creative Commons, PO Box 1866, Mountain View, CA 94042, USA*.

Ang **Porticus Asia, Ltd**. ay naggawad ng ***international research grant*** sa proyektong ito. Ang pondong ito ay malaking suporta sa Simbahang Katolika at sa espirituwal na pagbuo ng ministeryong kateketikal sa bansang Pilipinas.

# Paghahandog

Para sa Sambayanan ng Diyos, lalong-lalo na sa mga lider-layko at ordinaryong mananampalataya na naghahangad na higit na makilala si Hesus sa pamamagitan ng pagsisid sa búhay ni San Jose gámit ang wikang Filipino. Isang mabiyayang pakikilakbay sa búhay Kristiyano ngayong ika-500 Taon ng Kristiyanismo sa Pilipinas sa gitna ng panganib ng pandemya.

# Mga Nilalaman


Karapatang-ari I

Paghahandog II

Salamat: Dios Iti Agngina V

Lupon ng Modyul VII

Mga Larawan VIII

Pumunta kay Jose! IX

Gabay sa Modyul XI

Gabay Araw sa Pagninilay XIV

Mga Araling Katesismo

Panalangin kay San Jose 115

Panalangin ng Pagtatalaga ng Sarili kay San Jose 116

Bibliyograpiya 117

# Mga Araling Katesismo


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1<br>Pagtatalaga ng Sarili kay San Jose<br>*pahina 1* | 2<br>Ang Litanya ni San Jose<br>*6* | 3<br>Diyos Ama sa Langit<br>*11* | 4<br>Diyos Anak, Tagapagligtas ng Mundo<br>*15* | 5<br>Diyos Espiritu Santo<br>*19* |
| 6<br>Banal na Santatlo, Iisang Diyos<br>*23* | 7<br>San Jose, Ipanalangin Mo Kami<br>*27* | 8<br>Santa Maria, Ipanalangin Mo Kami<br>*30* | 9<br>Marangal na Anak ng Angkan ni David<br>*34* | 10<br>Liwanag ng mga Patriyarka<br>*38* |
| 11<br>Kabiyak ng Ina ng Diyos<br>*41* | 12<br>Tagapagbantay ng mga Birhen<br>*44* | 13<br>Ikalawang Ama ng Anak ng Diyos<br>*47* | 14<br>Tagapag-tanggol ni Kristo<br>*51* | 15<br>Punò ng Banal na Mag-anak<br>*55* |
| 16<br>Makatarunga ng San Jose<br>*58* | 17<br>Kalinis-linisang San Jose<br>*62* | 18<br>San Joseng Mapagkilatis<br>*66* | 19<br>San Jose, May Banal na Tákot sa Diyos<br>*70* | 20<br>Masunuring San Jose<br>*73* |
| 21<br>Matapat na San Jose<br>*77* | 22<br>San Jose, Salamin ng Pasensiya<br>*80* | 23<br>Maibigín sa Karukhaan<br>*83* | 24<br>Huwaran ng Manggagawa<br>*87* | 25<br>Luwalhati ng Sambahayan<br>*91* |
| 26<br>Takbúhan ng mga Nahihirapan<br>*95* | 27<br>Pag-asa ng Maysakít<br>*99* | 28<br>Patron ng Nag-aagaw-búhay<br>*102* | 29<br>Kilabot ng mga Diyablo<br>*106* | 30<br>Proteksiyon ng Banal na Simbahan<br>*110* |

# Salamat:
# Dios Iti Agngina (Diyos na ang Bahala)

**Reb. P. Jun E. Flores, PhD**
*Kura Paroko, Saint James the Great Parish*
*Diyosesis ng San Jose de Nueva Ecija*

Gabay ng Banal. May mga bagay na hindi maipaliwanag ngunit nangyayari. Noong Disyembre 2020 ay kinausap ako ng aking obispo para matulungan siyang makabuo ng liham-pastoral sa Taon ni San Jose. Ang tanong ko ay kung saan ako huhugot ng mga aklat na maaring pagbatayan. Nagpapasalamat ako dahil sa mga sumunod na araw ay naglabas ng Apostolikong Liham*, Patris Corde*, ang Santo Papa Francisco ukol kay San Jose. Dahil dito ay nabuo ang liham-pastoral na halos hango sa *Patris Corde*. Nais ng aming obispo na ang kaparian at mga relihiyoso, bílang paghahanda sa Taon ni San Jose, ay dumaan sa isang Banal na Paglalakbay *(retreat)*. Salamat din kay *Fr. Donald Calloway*, *MIC*, na siyang may-akda ng librong *Consecration to Saint Joseph* na siyang batayang-aklat sa retreat na nagsimula noong Enero 1, 2021 at natapos sa pagtatalaga ng sarili noong Pebrero 2, 2021.

Salamat sa inspirasyon ng mga layko. Naisip kong gumawa ng isang *retreat module* batay sa libro ni *Fr. Donald Calloway* ngunit wikang Filipino ang gagamitin. Ito ay para sa mga laykong mananampalataya nang sa gayon ay higit nilang maintindihan at makatulong na makapasok sila sa *retreat*. Kayâ nabuo ang *retreat module* na *Gabay sa 33-Araw ng Banal na Paglalakbay Tungo sa Pagtatalaga ng Sarili kay San Jose*. Kasabay din nito ang video na ipinapaliwanag ang bawat araw ng *retreat*.



Salamat sa aming Obispo Roberto C. Mallari, DD na dahil sa isang pagpupulong ng *National Catechetical Study (NCS) 2021: Pastoral*

*Action Research and Intervention (PARI) Project Research Team* ay sinubukan niyang imungkahi na ang Gabay ay maging isang *catechetical module*. Ito ay  bílang tugon at alay ng Simbahang Katolika sa pagdiriwang ng ika-500 Taon ng Kristiyanismo sa Pilipinas at Taon ni San Jose. Sinang-ayonan ito ng grupo sa pangunguna ni Prop. Clarence M. Batan, PhD at ng kaniyang mga kasáma.

Salamat sa kabataan ng *St. James the Great Parish, Lupao, Nueva Ecija* kung saan ako ay kasalukuyang naglilingkod lalo na kina Jervee Gatchalian, Christopher Gaytos, Yhasmine Tallar at Jamaica Gaytos na pawang mga *junior at senior high school students*. Salamat din kay Gg. Maryjane Gabriel, ang *parish secretary*, na umalalay mula umpisa hanggang mabuo ang Katesismo.

Salamat kay San Jose na sa kaniyang katahimikan ay alam kong umalalay maging sa panaginip kung paano mabubuo ang liham pastoral, Gabay, at Katesismo.

At higit sa lahat, walang hanggang pasasalamat kay Hesus, ang Anak ng Diyos, na gumabay at nagbigay ng inspirasyon upang makilala si San Jose.

Sabi nga sa wikang Ilocano, *Dios iti agnginga*! Diyos na po ang bahala sa mga táong nagbigay ng suporta, sarili, at panalangin upang maisilang ang *Katesismo kay San Jose: Kabanalang Tinig ng Katahimikan.*

*In Opus Ministerii!*
*Ad Majorem Dei Gloriam!*



# Lupon ng Modyul

## May-akda

**Reb. P. Jun E. Flores, PhD**
*Kura Paroko,*
*Saint James the Great Parish,*
*Diyosesis ng San Jose de Nueva Ecija*

## Editor ng Wika

**G. Alvin Ringgo C. Reyes, MA**
*Tagapamuno,*
*Departamento ng Filipino, UST*

## Tagadisenyo ng Modyul

**Prop. Clarence M. Batan, PhD**
*Lider Mananaliksik,*
*NCS 2021: PARI Project*

## Tagadisenyo ng Libro at Pabalat

**Vincent Reuben E. Valientes**
*Multimedia Officer*
*NCS 2021: PARI Project*

## Katuwang na Tagadisenyo ng Libro

**Jervee C. Gatchalian**
*Head Multimedia Officer,*
*Saint James the Great Parish,*
*Diyosesis ng San Jose de Nueva Ecija*

## Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) - Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE)

**†Obispo Roberto C. Mallari, DD**
*Tagapamuno*
**Reb. P. Ernesto B. de Leon**
*Kalihim*
**Sr. Ma. Jesusa Enginco, OP**
*Katuwang na Kalihim*

## National Catechetical Study (NCS) 2021: Pastoral Action Research and Intervention (PARI) Project

**Ruth DL. Andaya, BSA**
**Florence C. Navidad, EdD**
**Tisha Isabelle M. de Vergara, BA**
**& Keith Aaron T. Joven, BA**

## Suportang Teknikal

**Christopher Gaytos,**
**Yhasmine Agnes Tallar, &**
**Jamaica Gaytos**
*Multimedia Team,*
*Saint James the Great Parish,*
*Diyosesis ng San Jose de Nueva Ecija*

# Mga Larawan


## Arkidiyosesis ng

**Cagayan De Oro** – pahina 15, 98
**Capiz** - 62
**Davao** – 24, 30, 70
**Ozamis** – 85
**Palo** – 6, 54, 113

## Diyosesis ng

**Alaminos** – 12, 23, 68, 111
**Antipolo** – 37, 47, 77
**Borongan** – 25, 33, 38, 41, 44, 79
**Butuan** – 32
**Cabanatuan** – 20, 45, 96, 99, 105
**Calbayog** – 55, 83, 85, 94
**Catarman** – 11
**Cubao** – 15, 89, 113
**Dumaguete** - 93
**Ipil** – 87
**Kabankalan** – 27, 28
**Kalibo** – 17, 61, 66
**Kidapawan** – 14, 21, 77, 91
**Maasin** – 12, 89
**Malaybalay** – 97
**Malolos** – 92
**Marbel** – 24
**Novaliches** – 22
**Pagadian** – 66, 68
**Pasig** – 88
**San Jose de Antique** – 52
**San Jose de Nueva Ecija** – 19, 49, 56, 63, 75
**Urdaneta** – 23, 112

## Military Ordinariate

51, 71

## Apostolic Vicariate ng

**Calapan** – 34, 80
**San Jose Occidental** – 33, 75, 80

## Prelature ng

**Infanta** – 49, 87
**Isabela de Basilan** – 76

## Saint James the Great Parish

V, VI, VIII, X, XII, XIV, 1, 4, 8, 10, 18, 26, 35, 48, 50, 65, 67, 73, 78, 81, 83, 86, 90, 91, 95, 99, 101, 103, 104, 107, 108, 109, 110

## NCS 2021: PARI Project

IX

## Prop. Clarence M. Batan, PhD

XI, XIII, XIV


# Daglát

- ***Acts and Decrees of the 2nd Plenary Council of the Philippines*** – PCP II
- ***Amoris Laetitia*** – AL
- **Katesismo para sa mga Pilipinong Katoliko** – KPK
- ***Patris Corde*** – PC
- ***Quamquam Pluries*** – QP
- ***Redemptoris Custos*** – RC

# Pumunta kay Jose!

**†Obispo Roberto C. Mallari, DD**
*Tagapamuno, CBCP-ECCCE*
*Diyosesis ng San Jose de Nueva Ecija*



Sa ganitong mga salita ipinahayag ng mga mananampalataya ang kanilang pagtitiwala kay San Jose. Matatandaan natin na ang mga salitang ito ay mula sa Lumang Tipan na sinabi ng Paraon sa mga naghahanap ng pagkain noong nagkaroon ng taggutom sa Ehipto. Ang tinutukoy niya ay si Jose na anak ni Jacob na siyang namamahala ng imbakan ng pagkain. Sa gitna ng mga krisis na pinagdaraanan din natin sa kasalukuyan, isa ring Jose ang nararapat nating lapitan at kilalanin – si San Jose na kabiyak ng puso ni Maria at ama ni Hesus.

Ito ang paanyaya sa atin ni Papa Francisco nang ideklara niya ang Taon ni San Jose bílang paggunita sa ika-150 taóng anibersaryo ng pagkakatalaga sa kaniya bilang Patron ng Simbahang Katolika. Isang napakalaking biyaya ito lalo pa at nilakipan ni Papa Francisco ng indulhensiya ang mga gawaing debosyonal, pagninilay, at panalangin patungkol kay San Jose.

Ang mga pagninilay sa loob ng tatlumpu't tatlong araw ng banal na pagsasanay para sa pagtatalaga ng sarili kay San Jose ay malaki ang maitutulong upang mapalapít tayo sa kaniya at matularan natin ang kabutihan niya na naglaan sa Panginoon ng natatanging pagmamahal at pagmamalasakit bílang isang ama.

Maraming biyaya ang nakaabang sa atin kung bubuksan natin ang ating puso kay San Jose. Sa pagkilala natin sa kaniya ay makakahanap táyo ng isa ring ama at pintakasi na kukupkop sa atin. Sa tulong ni San Jose, kilalanin, sariwain, at panibaguhin natin ang ating ugnayan sa ating sariling ama o sa kung sinomang nagmalasakit at tumayo bílang ama sa atin. Sila rin ay mga biyaya na

nagpamalas ng pagmamahal ng Diyos sa mga paraang tahimik at hindi natin napapansin. Habang lalo nating nakikilala at tinatanaw nang may pagpapasalamat ang mga ama sa búhay natin, at habang pinagninilayan ang pagiging ama ni San Jose ay lalo pa sana táyong mapalapít sa Diyos na Ama nating lahat.

Sa kaniyang liham patungkol kay San Jose na pinamagatang “May Puso ng Isang Ama” (*Patris Corde*), nagbigay-pugay at pagkilala si Papa Francisco sa mga natatagong bayani sa araw-araw lalo ngayong panahon ng pandemya na bagamat hindi nababalita o nagiging sikát ay nagpapaalala na “ang mga búhay natin ay magkakaugnay at nagpapatuloy dahil sa mga karaniwang tao.” Dagdag pa niya na “kay San Jose – ang táong tahimik, natatago, at hindi natin napapansin ngunit araw-araw na nariyan – ay makakahanap táyo ng isang tagapanalangin, suporta, at gabay sa oras ng kaguluhan. Pinapaalala sa atin ni San Jose na silang mga hindi natin napapansin at natatago ay maaari ring magkaroon ng malaking papel sa kasaysayan ng kaligtasan.”

Matularan nawa natin si San Jose. Táyo rin ay tinatawag na isabuhay ang mga kabutihang ipinamalas niya nang tahimik at nakatago. Siya ay huwaran natin sa pananampalataya at sa pagiging tapat, masipag, dalisay, at uliran. Pumunta táyo kay San Jose at nang matutuhan nating pakaingatan at pakamahalin ang pinakamahalagang kayamanan natin. Walang iba kundi si Hesus.



# Gabay sa Modyul
## *Kabanalang Tinig ng Katahimikan*

**Prop. Clarence M. Batan, PhD**
*Lider Mananaliksik, NCS 2021: PARI Project*

Una kong narinig ang pagkamangha ng ating Santo Papa Francisco sa búhay at kabanalan ni San Jose nang dumalaw siya sa Pilipinas noong 2015. Sa gitna ng pagdiriwang ng Ika-16 na Pagpupulong ng mga Pamilya sa ating bansa, masayang ikinuwento ni Papa Francisco ang kaniyang debosyon kay San Jose na mahimbing na natutulog. Na doon sa tahimik na pamamahinga, ang mga anghel ay dumalaw at naghabilin ng mahahalagang mensahe kay San Jose sa pamamagitan ng panaginip.

Ang modyul na ito ay tungkol kay San Jose, ang tumayong ama ng ating Panginoong Hesus dito sa mundo. Idineklara siyang patron ng ating Simbahang Katolika at ngayong 2021, kasabay ng pagdiriwang ng ika-500 taon ng Kristiyanismo sa bansa, taon rin ito ni San Jose ayon sa *Patris Corde* (2020) ng ating mahal na Santo Papa Francisco.

Dahil dito, sa gitna ng pagsasagawa ng samo't saring *Research-based Intervention Outcome* (RIO) *Initiatives* ng *National Catechetical Study (NCS) 2021: Pastoral Action Research and Intervention (PARI) Project*, napagtanto namin, sa inspirasyon ni Obispo Robert "Bobet" C. Mallari, DD, ang tagapamuno ng CBCP-ECCCE, na nararapat lang na magkaroon ng Katesismo kay San Jose na lalong



magpapayaman at magpapalalim sa pagtuturo ng pananampalatayang Katoliko sa ating simbahan. Sa kabutihang-palad, si Fr. Jun Flores ng Diyosesis ng San Jose de Nueva Ecija ang tumugon sa hámong ito upang magsilbing "interventionist" sa kabila ng limitadong panahon. Sa boluntaryong tulong ng pilíng kabataan mula sa parokya, nabuo ang balangkas ng modyul na may tatlong mahahalagang dimensiyon:

1.) Ang lapit o *approach* na tinatawag naming "kabanalang tinig ng katahimikan";
2.) Ang kateketikal na intensiyong pagpapakilala sa búhay at kabanalan ni San Jose; at
3.) Ang pagsasaalang-alang sa imbitasyon ng Bagong Ebanghelisasyon na may apat na bahagi:
    a. Karanasan kay Kristo (*Encountering Christ*)
    b. Pagbabagong-Loob (*Conversion*)
    c. Pagiging Kaisa at Bahagi ng Sambayanan (*Communion*) at
    d. Sigasig sa Misyon (*Zeal for Mission*).

Pinakamainam na ang mangungunang gumamit ng modyul na ito ay mga lider-layko at karaniwang mananampalataya sa tulong ng mga pari o katekista. Ito ay sa kadahilanang ang balangkas ng bawat aralin ay may sinusundang kateketikal na aspekto na nangangailangan ng gabay upang maayos na maintindihan ang bawat bahagi ng modyul. Ito ay ang mga sumusunod:

*1.) Panimula* na nagbibigay ng paunang pagtalakay sa paksa ng modyul;
*2.) Pagsamba* na nagninilay sa Salita ng Diyos na aangklahan ng modyul;
*3.) Doktrina/Turo ng Simbahan* na nagpapaliwanag ng mga kaugnay na aral ng ating pananampalataya;
*4.) Tugon ng Pananampalataya* na naglalatag ng mga hakbanging inaasahang aabutín ng mananampalataya bílang tugon sa pagkilos;
*5.) Pagpapahalaga* at *Moralidad* na nagbibigay ng karagdagang-pagtalakay at pagninilay na lalong magpapalalim sa paksa ng modyul;
*6.) Pagpapalalim* na binubuo ng *Gabay-Tanong*, mga tanong na

tutulong sa mananampalataya na makita ang kabuluhan ng mga aral ng modyul sa kaniyang búhay at *Panalangin* na mag-aanyaya sa kaniyang taimtim na kausapin ang Panginoon bílang bunga ng pagninilay sa modyul; at

7.) Ang *Sigasig ng Misyon* na humahamon sa mananampalatayang isabúhay ang mga aral na natutuhan sa modyul sa pamamagitan ng *Pag-unawa* o ang karunungang dapat laging baunin sa puso at isip, *Pagsasabúhay* o mga kongkretong paraan ng pagsasalin ng mga aral ng modyul sa araw-araw na gawain, at *Pagbabahagi* o ang pagpapatotoo kay San Jose sa pagbabahagi sa iba ng mga aral at pagninilay na natamo sa modyul.

Sa bawat aralin, ang pitóng bahaging ito ay magsisilbing waring mga sagwan upang marating ang laot ng katahimikan. Tulad sa *recollection* o *retreat*, ang katahimikan ang puso ng pagninilay at pusod ng búhay upang sa pagkakataong ito, ang tinig ng katahimikan sa búhay ni San Jose ang mapakinggan. Ang tinig ng kabanalan ay nasa katahimikan.



Ang lapit na ito, *ang kabanalang tinig ng katahimikan*, ang malikhaing katekesis na kaluluwa ng modyul na ito. Puwede itong basahin sa anomang paraan ngunit mas makabubuting ang bawat aralin ay pagnilayang unti-unti, araw-araw hanggang sa makaisang-buwan. Ito ang dahilan kaya ang kabuoang bilang ng aralin ay tatlumpu (30). Kinakatawan nito ang tatlumpung araw ng pagninilay, ang isang buwan ng pagsagwan sa laot ng katahimikang tinig kapiling si San Jose.

Intensiyon ng *katesismong* ito ang hikayatin ang lahat ng Katolikong mananampalataya na pagnilayan ang búhay ni San Jose gámit ang Bibliya, mga turo ng Simbahan, at mga gabay-tanong upang higit na maunawaan ang misteryo at wagas na pagmamahal ng Panginoong Hesukristo na kayakap ng Birheng Maria mula sabsaban, pagpako't pagkamatay sa Krus, hanggang sa Pasko ng Pagkabuhay.



Nawa'y ang bawat makasilip ng mga naisulat sa modyul na ito ay marinig ang tinig ng katahimikan sa búhay at kabanalan ni San Jose na walang bumabagabag na ingay. Na tulad ng mabuting panaginip, ang sinumang magninilay gámit ang modyul, ay makatatanggap ng biyaya ng katahimikang magpapalalim sa banal na misyong inihabilin ng Poong Maykapal.



## ARALÍNG KATESISMO BLG. 1

# Pagtatalaga ng Sarili kay San Jose

## Panimula

Sino nga ba si San Jose? Bakit nga ba kailangan natin siyáng makilala nang higit? Paano natin siya makikilala? Kailan natin siya bibigyan ng pansin, ng panahon? Ano nga ba ang kaniyang lugar sa ating pananampalataya? Ito ay mga gabay-tanong sa pagsisid natin sa mundo ni San Jose. Ang Banal na Mag-anak ay hindi kompleto kung wala si San Jose.

## Pagsamba

### Lucas 2:52

Patuloy na lumaki si Hesus sa pangangatawan, lumawak ang kaniyang karunungan, at lalong naging kalugod-lugod sa Diyos at sa mga tao.

### Lucas 2:49

Sumagot si Hesus, "Bakit po ninyo ako hinahanap? Hindi po ba ninyo alam na ako'y dapat mamalagi sa bahay ng aking Ama?"



### Lucas 2:11

Isinilang sa inyo ngayon sa bayan ni David ang Tagapagligtas, ang Kristong Panginoon. Ito ang inyong palatandaan: matatagpuan ninyo ang isang sanggol na nababalot ng lampin at nakahiga sa sabsaban.

# Doktrina/Turo ng Simbahan

*Upang malaman ang kahalagahan ng pagtatalaga ng sarili kay San Jose.*

Napakahalagang malaman na bagamat halos kakaunti ang nakasulat na mga turo at pahayag ukol kay San Jose ay makakikita tàyo ng mga tulong sa pagkilala at pag-unawa sa kaniya lalo na sa Banal na Kasulatan.

Si San Jose ay *nakapagpapalawak at nakapagpapalalim ng ating pagkilala kay Hesus* (Lucas 2:51). Ang naidaragdag ni San Jose ay ang kaniyang pagiging ama sa lupa ni Hesus na bukod-tanging sa kaniya lámang iniatas ng Diyos Ama (Mateo 1:18 at kasunod).

Si San Jose bílang ama sa lupa ni Hesus ay pinalalawak din ang salitang "ama" dahil batid niyang si Hesus ay Anak ng Diyos (Lucas 2:49). Ang ugnayan ni San Jose at ng Amang nasa Langit ay isang hiwaga na kung saan ang pagiging ama ni San Jose ay salamin ng pagiging Ama ng Amang nasa Langit bagamat maraming limitasyon, at kulang ang salita upang maipaliwanag ito nang buo. *Ang hiwagang ito ay mababatid lámang sa panalangin kay Hesus na tila siyáng tulay sa ugnayang ito.*

**"Ako ang daan, ako ang katotohanan, at buhay. Walang makapupunta sa Ama maliban sa pamamagitan ko" (Juan 14:6).**

Si San Jose ay ama ni Hesus sa lupa at esposo ng Inang Birheng Maria. Kung tayo ay nakapagtalaga ng sarili sa Inang Birheng Maria (*Marian Consecration*), ngayong Mayo 1, 2021 ay itatalaga rin ang buong Pilipinas kay San Jose. Ang pagtatalaga ng sarili ay kilos ng isang binyágan upang ipahayag na si San Jose ay kaniyang patron, na hinihiling niya ang proteksiyon at patnubay ni San Jose para sa kaniyang sarili, kaniyang pamilya, at mga mahal sa búhay. Higit sa

lahat, sa pagtatalaga ng sarili ay hinihiling natin ang mga biyayang kailangan natin sa búhay-pananampalataya sa pamamagitan ng panalangin ni San Jose.

"Ang pagtatalaga ng sarili kay San Jose ay tumutungo sa pagtatalaga ng sarili kay Maria at sa pamamagitan ng Inang Birheng Maria ay patungo sa bukal ng lahat ng kabanalan, si Hesus na siya ring nagtalaga ng mga pagpapahalagang pampamilya sa pamamagitan ng kaniyang pagiging masunurin kina Jose at Maria" (*Bonum Sane*, 7).

## Tugon ng Mananampalataya

- Upang magkaroon ng pananampalataya kay San Jose bílang ama ni Hesus at kabiyak ng puso ni Maria
- Upang mapalawak ang pagkakilala kay San Jose na tunay ring ama ni Hesus sa lupa
- Upang maitalaga ang sarili kay San Jose
- Upang mahalin at maisabúhay ang mga turo ni San Jose

## Pagpapahalaga

### Pananampalataya

"Ang kaligayahan ng pag-ibig na nararanasan ng mga pamilya ay ang kaligayahang nararanasan din ng Simbahan" (*Amoris Laetitia*, 1). Binibigyang-halaga na ang Simbahan ay binubuo ng maliliit na yunit at iyon ay ang mga pamilya (*Apostolicam Actuositatem*, 11). Ang ligaya ng pamilya ay ligaya rin ng Simbahan. Sa ganitong analohiya, ang lungkot at kabiguan ng pamilya ay lungkot at kabiguan din ng Simbahan.

## Pagtatalaga

Ang pagtatalaga ng sarili/konsagrasyon ay pag-aalay ng sarili, pagtataya ng kinabukasan, at pangangako ng katapatan sa isang banal. Naihihiwalay táyo sa mga makalupang gawain at táyo ay nailalapít sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin, rituwal, at mga seremonya (*New Advent Encyclopedia*). Sa Exodo 29 ay makikita ang konsagrasyon ng mga pari – si Aaron at kaniyang mga anak. Ang konsagrasyon ay binubuo ng paglilinis, pagbibigay ng sarili, at pagpapahid ng langis (Levitiko 8).

Ang pagtatalaga ni San Jose sa Diyos ay maaaring kahawig ng pagtatalaga ng sarili sa Inang Birheng Maria. Sa pamamagitan ng kaniyang "Oo" sa pagbati ng anghel, siya'y (Maria) naging huwaran ng pananampalataya (Katesismo para sa mga Pilipinong Katoliko, 155). May pagtutunggali sa kalooban ni San Jose (Mateo 1:18). Pakakasalan ba si Maria na nagdadalantao kahit hindi pa sila nagtatalik o iiwan si Maria dahil baká kung ano ang isipin at sabihin ng mga tao? Noong siya ay pinagpaliwanagan ng anghel na ang dinadala ni Maria sa kaniyang sinapupunan ay lalang ng Espiritu Santo, "Immanuel" na ang ibig sabihin ay "nasa atin ang Diyos", may nanaig sa kalooban ni San Jose. Pinanindigan niya ang pagiging kabiyak ni Maria at ama ni Hesus sa lupa. Itinalaga niya ang sarili sa Diyos sa pamamagitan ng pagtanggap sa ganitong banal na gawain, búhay, at misyon.

## Pagsunod

Ang pagsunod o pagtalima ay isang malayang gawain at pagpili batay sa pagpapahalaga at karanasan ng isang tao. Ang pagsunod ni San Jose sa utos ng Diyos ay hawig din sa pagsunod ng Inang Birheng Maria. Ang pagsunod ay may kakambal na "buong pagpapasailalim ng pag-iisip at kalooban" (KPK, 156). Ang pagsunod ni San Jose sa Diyos ay nagsimula sa kaniyang tahimik na pag-oo na nanatili hanggang sa huling sandali ng kaniyang búhay (Mateo 1:24; 2:13; 2:20).



## Moralidad

**Ang pagkakaroon ng huwarang ama ay hindi lámang para sa mga anak kundi para rin sa ina ng tahanan, sa mga amang katulad ni San Jose, at sa pamilya na siyáng isang munting yunit ng lipunan.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

- Ano ang iyong mga personal na intensiyon sa aralíng ito ukol kay San Jose?
- Isaisip ang tanong na ito hanggang sa hulíng aralín - Handa ka bang italaga ang sarili kay San Jose? Bakit?

## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, salamat sa iyong gumanap at tunay na ama sa lupa na si San Jose. Hinihiling kong maipakilala mo siya sa amin upang kami rin ay magkaroon ng malalim na pagkilala, tiwala, at pagmamahal sa kaniya. Ito'y samo't dalangin namin sa Iyo na nawa kami ay Iyong mapagbigyan. Amen.

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Malaman ang ukol sa pagtatalaga ng sarili sa pamamagitan ng pagbabasá ng Bibliya, Katesismo para sa mga Pilipinong Katoliko, at iba pa

## Pagsasabúhay

Isabúhay at alagaan ang pagtatalaga ng sarili sa pamamagitan ng pagkakaroon ng búhay-panalangin

## Pagbabahagi

Ibahagi ang karanasan ng pagtatalaga ng sarili sa pamamagitan ng *prayer sharing sessions* at Damayang Kristiyano *triple communications*

ARALÍNG KATESISMO BLG. 2

# Ang Litanya ni San Jose

## Panimula

Ang litanya ay panalangin. Nilalaman nito ang pagpupuri, pasasalamat, paghingi ng tawad, at paghingi ng basbas sa banal na pinararangalan. Hindi sapat ang salita maski ang awit upang maparangalan ang Diyos maski ang mga banal. Ngunit napakahalaga na ang anomang panalangin ay maging paraan upang ang tao ay mapalapít sa banal, tumúngo sa landas ng kabanalan, at matulungang maisabúhay ang mga turo ng mga banal.

## Pagsamba

### Mateo 11:30



Nang panahong iyon, sinabi ni Hesus, "Pinupuri kita, Ama ko, Panginoon ng langit at lupa, na iyong inilihim ang mga bagay na ito sa mga pantas at matatalino, at ipinahayag mo sa maliliit. Oo, Ama, ganito nga ang iyong kinalulugdan. Ang lahat ng bagay ay ipinagkakaloob sa akin ng aking Ama. Walang nakakikilala sa Anak kundi ang Ama at wala namang nakakikilala sa Ama kundi ang Anak at iyong ibig pagpahayagan ng Anak. Magsilapit kayo sa akin, kayong lahat na napapagal at nabibigatan, at kayo ay aking pagiginhawain. Pasanin ninyo ang aking pamatok, at mag-aral sa akin sapagkat ako'y maamo at mababang-loob, at sa ganitong paraan ay giginhawa ang inyong mga kaluluwa. Oo, malambot nga ang aking pamatok at magaan ang aking pasan."

# Doktrina/Turo ng Simbahan

Sa orihinal na salitang Griyego, *Litaneia*, ang litanya ay nangangahulugang paninikluhod at pagsamo sa Diyos sa pamamagitan ng banal (tingnan ang *Quamquam Pluries*, 1, - paghingi ng tulong ng Diyos). Ang pagsusumamo at paninikluhod sa Diyos ay isang bahagi ng búhay ng mga sumasampalataya sa Diyos mula pa sa panahon ng Matandang Tipan (tingnan ang mga Salmo). Sa Bagong Tipan ay may pagsusumamo rin para sa kagalingan (Mateo 8:5) - pagpapapagaling sa alipin ng senturyon, pagpapapagaling sa dalawang bulag (Mateo 9:27). Maging si Hesus ay nagsumamo sa kaniyang Ama sa Langit (Mateo 11:25).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang magkaroon ng kaalaman na malayang gamítin ang panalangin para lumalim ang pagkilala kay San Jose
- Upang magkaroon ng kapanatagan na may matatakbuhan sa panahon ng kagipitan, isang banal, ang ama ni Hesus sa lupa
- Upang malayang makagawa ng sariling pagsusumamo kay San Jose lalo na sa araw-araw na pamumuhay

# Pagpapahalaga

Ang panalangin ay isang uri ng ugnayan sa isang banal at sa Diyos na kabanal-banalan. Naipapahayag ang saloobin, nasa isip, at ang mga bumabagabag sa sarili sa isang banal at sa Diyos nang walang pangamba ng panghuhusga. Ito ay malayang ugnayan at pakikipag-isa na puso sa puso (*cor ad cor loquitur - San Francisco de Sales*), ang puso ng táong makasalanan at marupok, at puso ng Diyos na bukal ng awa at pagmamahal.

## Moralidad

**Walang mali sa panalangin ngunit mag-ingat na isipin at hilingin ang ikasasama ng iba. Ang pag-ibig sa kaaway ay isang tama at mabuting direksiyon ng kilos-moral na tutúngo sa ikagaganda ng anomang samahan (Mateo 5: 43-48).**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Sa mga katangian ni San Jose, alin ang pinaka-may datíng sa iyo? Bakit?

## Panalangin

Minamahal kong Hesukristo, kulang ang salita upang maipahayag ang karanasan at pagkilala kay San Jose. Sa pagtawag namin sa kaniya, nawa ay maging kagaya namin siya rito sa lupa. Amen.



# Ang Litanya ni San Jose

Panginoon, maawa Ka. Panginoon, maawa Ka.
Kristo, maawa Ka. Kristo, maawa Ka.
Panginoon, maawa Ka. Panginoon, maawa Ka
Kristo, dinggin Mo kami. Kristo, dinggin Mo kami.

Diyos, ang Ama sa Langit, Maawa Ka sa amin,
Diyos Anak, Tagapagligtas ng Mundo, Maawa Ka sa amin.
Diyos Espiritu Santo, Maawa Ka sa amin.
Banal sa Santatlo, Iisang Diyos, Maawa Ka sa amin.

Santa Maria, ipanalangin mo kami.
San Jose, ipanalangin mo kami.
Anak ni David, ipanalangin mo kami.
Liwanag ng Patriyarka, ipanalangin mo kami.
Esposo ng Inang Diyos, ipanalangin mo kami.
Kalinis-linisang Tagapangalaga ng Mahal na Birhen, ipanalangin mo kami.
Ikalawang Ama ng Anak ng Diyos, ipanalangin mo kami.
Tagapagtanggol ni Kristo, Ipanalangin mo kami.
Punò ng Banal na Mag-anak, Ipanalangin mo kami.

Makatarungang San Jose, ipanalangin mo kami.
Kalinis-linisang San Jose, ipanalangin mo kami.
Mapagkilatis na San Jose, ipanalangin mo kami.
San Jose, Malakas ang Loob, ipanalangin mo kami.
San Jose, Masunurin, ipanalangin mo kami.
San Jose, Tapat, ipanalangin mo kami.

Larawan ng Pagtitiyaga, ipanalangin mo kami.
Maibigin sa Karukhaan, ipanalangin mo kami.
Huwaran ng Manggagawa, ipanalangin mo kami.
Luwalhati ng Pamilya, ipanalangin mo kami.
Tagapangalaga ng mga Birhen, ipanalangin mo kami.
Moog ng Pamilya, ipanalangin mo kami.
Takbúhan ng mga Nahihirapan, ipanalangin mo kami.
Pag-asa ng mga may Karamdaman, ipanalangin mo kami.
Patron ng mga nasa Bingit ng Kamatayan, ipanalangin mo kami.

Kilabot ng mga Diyablo, ipanalangin mo kami.
Tagapagtanggol ng Banal na Simbahan, ipanalangin mo kami.

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
ipagsanggalang Mo kami, O, Diyos.
Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
pakapakinggan Mo kami, O, Diyos.
Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
kaawaan Mo kami, O, Diyos.

Itinalaga siyáng panginoon ng kaniyang sambahayan
At prinsipe ng lahat ng kaniyang kayamanan.

Manalangin tayo, O, Diyos, sa iyong mapagmahal na kagandahang-loob, pinili mo si San Jose na maging kabiyak ng iyong Inang Birheng Maria. Ipagkaloob mo ang aming kahilingan na siya ay maging tagapamagitan namin sa Langit habang sa lupa ay itinatanghal namin siya bílang aming tagapagtanggol. Ikaw na nabubúhay at naghahari magpasawalang-hanggan. Amen.

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Malaman ang Litanya ni San Jose na isang uri ng pakikipag-usap at ugnayan



## Pagsasabúhay

Na maisaloob ang mga katangian ni San Jose at maging inspirasyon lalo na sa pagbabasá ng Bibliya

## Pagbabahagi

Na sa pamamagitan ng *social media* ay maibahagi ang mga katangian ni San Jose

# ARALÍNG KATESISMO BLG. 3

# Diyos Ama sa Langit

## Panimula



Ang pagiging Ama ng Diyos Ama sa Langit ay mahirap maunawaan kung walang salita o karanasan na maaring makapagpaliwanag, makapagturo, o makabuo ng mga pangyayari ukol sa pagiging Ama sa Langit. Tanging si Hesukristo lámang ang nakaalam kung sino ang Ama sa Langit sapagkat siya at ang Ama ay iisa (Juan 1:30).

Isang malaking biyaya at kilos ng kagandahang-loob ng Diyos na ipakilala sa atin ang Diyos Ama sa Langit na Ama ni Hesukristo at si San Jose na ama niya rito sa lupa. Maaring maraming limitasyon ang salita para maipahayag ang lahat ng katangian ni San Jose bílang ama ni Hesus sa lupa. Ngunit malaki ang maitutulong ni San Jose sa pamamagitan ng kaniyang búhay at mga salitang namutawi sa kaniyang bibig na hindi natin kailanman maririnig o malalaman dahil hindi nakasulat sa Bibliya, upang malaman at maranasan natin ang maka-Amang pag-ibig ng Diyos Ama sa Langit.

## Pagsamba

### Juan 10:24-30

Hanggang kailan mo kami papag-alinlanganin? Kung ikaw ang Mesiyas, liwanagin mo sa amin. Sumagot sa kanila si Hesus, “Sinabi ko sa inyo, ngunit hindi kayo sumasampalataya. Ang mga ginagawa ko sa ngalan ng aking Ama ay nagpapatotoo tungkol sa akin. Hindi kayo sumasampalataya, palibhasa’y hindi kayo

kabílang sa aking mga tupa. Ang aking mga tupa ay nakikinig sa aking tinig; nakikilala ko sila at sila ay sumusunod sa akin. Binibigyan ko sila ng búhay na walang hanggan; hindi sila mapapahamak kailanman at walang makakaagaw sa kanila sa aking kamay. Ang aking Ama na sa kanila'y nagbigay sa akin ay higit sa kanilang lahat, at walang makaaagaw sa kanila sa kamay ng aking Ama. Ang Ama at ako ay iisa.





## Doktrina/Turo ng Simbahan

Dalawa ang kalikasán (*natura*) ni Hesus. Siya ay sabay na Diyos at tao (KPK, 500). Ang Diyos bílang Ama ay Ama dahil:

- Siya ay Manlilikha (KPK, 271);
- Ipinagkaloob Niya ang lahat ng ating pangangailangan (KPK, 272);
- Tinubos Niya táyo (KPK, 273);
- Isinugo niya ang Banal na Espiritu upang ibahagi sa atin ang isang búhay na banal (KPK, 274); at
- Siya ay batayan ng ating sariling pagkakakilanlan (*identity*).

Sa mga susunod na aralín ay pagninilayan natin nang mas malawak at malalim ang pagiging ama ni San Jose.

Si San Jose ay may dalawang biyayang natanggap sa Diyos bílang ama sa lupa ni Hesus:

- Sa kaniyang pagpapakasal sa Inang Birheng Maria, siya ngayon ay katuwang sa pagiging magulang ni Hesus sa lupa (QP, 3).
- Sa kaniyang pagiging ama ni Hesus sa lupa, si Hesus ay naging masunurin sa kaniya at ibinigay ni Hesus ang lahat ng paggalang at pakikiugnayan sa kaniyang ama sa lupa (QP, 3).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang magkaroon ng kaalaman sa pagiging Ama ng Diyos Ama sa Langit
- Upang makita ang maka-Diyos na ugnayan ni Hesus at ng kaniyang Amang nasa Langit
- Upang magkaroon ng kaalaman sa pagkakahawig ng pagiging ama ng Diyos Ama at ni San Jose bilang ama sa lupa ni Hesus

# Pagpapahalaga

Kapag nagkaroon táyo ng kaalaman, kahit gaano kalimitado sa pagka-Ama ng Diyos Ama sa Langit kay Hesus, mabubuksan táyo sa ating relasyon sa Kaniya. Lalalim ang ating pasasalamat sa Diyos Ama sapagkat ang kaniyang pagka-Ama ay hindi lámang palá para kay Hesus kundi para rin sa kaniyang mga nilikha, lalo na táyong mga tao.  Sa katotohanan, mababanaagan ang pagiging Ama ng Diyos Ama sa búhay ni San Jose sa kaniyang pagiging tapat at mapagmahal na kabiyak ng puso ni Maria at sa kaniyang pagiging ama ni Hesus.

## Moralidad

**Maraming mali at di-tugmang pag-unawa tungkol sa Ama sa Langit. Para bang napakalayo Niya sa atin. Ngunit hindi natin alam na halos kadikit lang natin Siya araw-araw, oras-oras at nagmamasid, tumitingin, at gumagabay sa atin. Tingnan mo si San Jose. Alalahanin mo ang mga ginawa niya para kay Hesus at mararanasan mo rin ang yakap ng Diyos Amang nasa Langit.**

# Pagpapalalim



## Gabay-Tanong

Sa limang kadahilanan kung bakit ang Diyos Ama sa Langit ay atin ding Ama sa lupa, ano ang pinakaimportante sa iyo? Bakit? Nakikita mo rin ba ang Diyos Ama sa iyong sariling ama/tatay/papa/*daddy* sa lupa? Paano?

## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesus, salamat at nais mo ring iparanas sa amin ang iyong karanasan sa iyong Amang nasa Langit sa pamamagitan ni San Jose. Nawa, maging bukás kami sa pagdanas nito. Amen.

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Maunawaan ang relasyon ng Diyos Ama sa Langit at ni Hesus na Kaniyang Anak at gayundin, ang relasyon ni San Jose kay Hesus sa pamamagitan ng Bibliya at pagbabasá ng Katesismo ng Pilipinong Katoliko.

## Pagsasabúhay

Makakuha ng mga katangiang maaring isabúhay sa araw-araw

## Pagbabahagi

Maibahagi, lalo na sa sariling pamilya, ang ugnayan ni Hesus at ng kaniyang Ama sa Langit gayundin, ni San Jose kay Hesus

ARALÍNG KATESISMO BLG. 4

# Diyos Anak, Tagapagligtas ng Mundo

## Panimula

Ang larawan ng pagiging Ama ng Diyos Ama at ni San Jose ay makikita sa Diyos Anak na si Hesus. Ang pagiging Ama ng Diyos Ama ay malinaw na nakikita sa salita, gawa, at búhay ni Hesus na kaniyang bugtong na Anak. Ang pagiging Diyos Anak ni Hesus ay ipinahayag niya sa pinakamalalim na paraan at iyon ay sa pagiging Tagapagligtas ng mundo.

## Pagsamba

### Mateo 26:36-40

Pagkatapos, nagpunta si Hesus na kasáma nila sa pook na tinatawag na Gethsemane. Sinabi niya sa mga alagad, "Dito muna kayo at ako'y mananalangin sa dakong iyon." Isinama niya si Pedro at ang dalawang anak ni Zebedeo at nagsimulang mahapis at mamighati. Pagkatapos ay winika niya sa kanila, "Lubhang nahahapis ang aking kaluluwa na súkat kong ikamatay, maghintay kayo rito at magtanod na kasáma ko." At pagkalayo nang kaunti ay nagpatirapa siya at nanalangin nang ganito, "Ama, kung maaari, lumampas nawa sa akin ang kalis na ito, gayunman, mangyari nawa hindi ang kalooban ko kundi ang iyo".





# Doktrina/Turo ng Simbahan

- Si Hesus ay Tagapagligtas/Manunubos (KPK, 491). Ang pangalang "Hesus" ay nangangahulugang ang "Diyos ay tagapagligtas".

- Ang kaligtasan natin ay mula sa kasalanan (KPK, 492) at sa konteksto ng Pilipinas ay mula sa

  a. malawakan at demonyong kapangyarihan ng kasamaan;
  b. mapaniil at mapang-aliping mga puwersang ekonomiko at sosyo-politikal;
  c. kahangalan at kawalang-kahulugan ng personal na búhay.

- Sa konteksto ng kaniyang relasyon kay San Jose na nagpalaki sa kaniya, bagamat si Hesus ay Anak ng Diyos Ama, siya rin ay anak ng isang panday (*Bonum Sane*). Ang pagiging Tagapagligtas niya ng mundo ay matalik na kaugnay ng pagiging anak niya sa lupa ni San Jose. Naipakikita na lalong nagiging malinaw sa ating mga mananampalataya na ang Salitang nagkatawang-tao (Juan 1:1) ay ang Anak ng Diyos na siyáng magliligtas sa atin. Si San Jose ay katulong sa pagpapalaki sa Kaniya upang ang plano ng Diyos na kaligtasan ay maisakatuparan.

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang magkaroon ng kaalaman at makapagpasalamat kay Hesus na tagapagligtas

- Upang malaman ang sakripisyo, ang búhay at paninindigan ng Diyos Anak

- Upang makita ang kahalagahan ng pagiging masunurin kahit ang kapalit ay búhay

- Upang makita ang mahigpit na tensiyon ng sabay na pagiging tao at Diyos ni Hesus na siyáng magliligtas sa mundo

# Pagpapahalaga

Isang grasya ang kaligtasan. Hain ito ng Diyos na ibinibigay sa tao at upang makita ng tao kung gaano katotoo at kaseryoso ang Diyos sa pagliligtas sa atin ay ipinadala niya ang kaniyang pinakamamahal at kaisa-isang Anak. Pahalagahan natin ang alok na ito na kaligtasan. Iwasan ang kasalanan at kasamaan.

## Moralidad

**Hindi simpleng tama o mali, moral o imoral ang usapin ng kaligtasan. Ito ay usapin ng buong búhay ng tao at buong kasaysayan ng paglalakbay ng Diyos at ng tao. Maraming panahon na ang tao ay lumayo sa Diyos, naging palalo, mapangahas, mapusok, at nagnanais maging diyos. Ngunit, bakit nga kaya ang Diyos ay laging naghihintay na tanggapin natin ang kaligtasang Kaniyang hain?**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Nasubukan mo na bang maupo, manahimik, at kausapin si Hesus lalo na tuwing Banal na Oras *(Holy Hour)*? Bigyan mo siya ng panahon at ano nga kaya ang kaniyang sasabihin tungkol kay San Jose?



## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, ang yaman ng iyong karanasan sa makaa-mang pagmamahal ni San Jose. Ipakilala Mo rin siya sa amin. Hayaan Mong maranasan din namin ang kaniyang maka-amang pagkalinga. Amen.



# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Maunawaan ang ugnayan ni Hesus sa kaniyang Ama sa Langit at kay San Jose sa pamamagitan ng Bibliya at turo ng simbahan

## Pagsasabúhay

Makapulot ng matitinding katangian ng Diyos Ama at ni San Jose at subuking gamiting gabay sa búhay

## Pagbabahagi

Maibahagi ang karanasan ng pag-aaruga ng sariling ama sa iba

# ARALÍNG KATESISMO BLG. 5
# Diyos Espiritu Santo

## Panimula

May isang lingid sa mata ng tao ngunit nararanasan ng isang nagbibigay-búhay, (KPK, 1334) kumikilos, at nagpapabago ng mundo. Totoo ang Espiritu Santo sapagkat sa doktrina ng Santatlo, ito ang hindi nakikitang katotohanan. Tila sinasabi sa atin na sa ugnayan ni San Jose at ni Hesus ay laging naroon ang Espiritu Santo na gumagabay sa kanilang dalawa. Hindi matatawaran ang gawain ng Espiritu Santo sa búhay ng mag-amang ito.

## Pagsamba

### Juan 1:32-34

At nagpatotoo si Juan na ang sabi, "Nakita ko ang Espiritu na anyong kalapati na bumaba buhat sa langit at tumahan sa kaniya. Hindi ko siya nakilala, ngunit siya ang nag-utos sa akin upang magbinyag sa tubig at sinabi niya sa akin, 'Ang makita mong babaán ng Espiritu at tumahan sa kaniya, siya ang nagbibinyag sa pamamagitan ng Espiritu Santo.' Oo, aking nakita at pinatotohanan na siya nga ang Anak ng Diyos."



# Doktrina/Turo ng Simbahan

- **PITÓNG BIYAYA NG ESPIRITU SANTO (KPK, 1339)**
  KAALAMAN/*KNOWLEDGE*
  PAG-UNAWA/*UNDERSTANDING*
  PAGPAPAYO/*COUNSEL*
  KATAPANGAN/*FORTITUDE*
  PAGPAPABANAL/*PIETY*
  BANAL NA TÁKOT SA DIYOS/*FEAR OF THE LORD*
  KARUNUNGAN/*WISDOM*

- Ang hindi nakikitang tagapagbigay ng búhay at sigla sa Simbahan, sa moral na búhay nito, ay ang Espiritu Santo (KPK, 1266). Siya ay Diyos Espiritu Santo dahil isa siya sa Banal na Santatlo. Mula sa pagkakaroon ng relasyon ni San Jose kay Maria, sa kaniyang pagtanggap ng pagiging ama ni Hesus sa lupa, sa panganganak ni Maria, sa pagtakas patungong Ehipto, at sa iba pang mahahalagang pangyayari sa búhay ng Banal na Mag-anak ay naroon ang Diyos Espiritu Santo.

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang magkaroon ng kaalaman ukol sa kilos ng Espiritu Santo sa búhay ni San Jose at ni Hesus at ng Banal na Mag-anak

- Upang makilala ang kilos ng Espiritu Santo sa búhay ng ordinaryong mananampalataya

- Upang magkaroon ng pananampalataya sa Diyos Espiritu Santo na presensiya ng Diyos sa búhay natin



# Pagpapahalaga

May mga bagay na hindi kayang gawin ng ating isip, katawan, at kaluluwa dahil sa ating mga limitasyon. Maraming bagay ang nananatiling hiwaga at tila mahirap maunawaan. Pero sa kilos ng Espiritu Santo ay nagkakaroon ng bagong sigla ang isang kaluluwang pagal na sa kasalanan at kasamaan, nabibigyan ng kahulugan ang paghihirap sa mundo, at nagkakaroon ng pag-asa ang isang tila aandap-andap nang búhay.

## Moralidad

**Gabay sa isang búhay na matuwid at naaayon sa kalooban ng Diyos ang Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng pitóng kaloob nito sa atin, ang isang búhay na ganap at kasiya-siya ay hindi malayong marating at mangyari (San Ireneo).**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Sa mga biyaya ng Espiritu Santo, alin ang pinakakailangan mo sa panahong ito? Bakit? May nais ka bang maliwanagan ukol sa iyong relasyon sa iyong ama? Ano ito at bakit?

## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, salamat sa Espiritu Santo na kaagapay ni San Jose sa lupa. Hiling naming ipagkaloob mo sa amin ang mga biyayang kinakailangan namin upang matularan namin ang pagiging ama ni San Jose. Amen.






# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Magkaroon ng kaalaman sa biyaya ng Espiritu Santo ayon sa Bibliya at Katesismo ng Pilipinong Katoliko

## Pagsasabúhay

Sa kasalukuyang karanasan, magamit ang biyaya ng Espiritu Santo lalo na sa gitna ng kahirapan

## Pagbabahagi

Makarinig ng karanasan ng iba ukol sa kilos ng Espiritu Santo at makapagbahagi rin ng karanasan ukol dito

## ARALÍNG KATESISMO BLG. 6

# Banal na Santatlo, Iisang Diyos

## Panimula



Ang Banal na Santatlo – ang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo – ay isang misteryo na maaring maliwanagan sa paradigma (*paradigm*) ng pag-ibig. Sa Banal na Mag-anak nina Hesus, Maria at Jose, may mga kilos, karanasan, inspirasyon, at pamumuhay na maaring magturo sa atin ng katotohanan ukol sa Banal na Santatlo. Ang buong búhay ni San Jose ay ang buong kilos ng Santatlo, larawan ng kilos ng iisang Diyos.

## Pagsamba

### Lucas 3:21-23

Pagkatapos ng pagbibinyag sa buong bayan, si Hesus ay bininyagan din at samantalang nananalangin siya ay nabuksan ang langit, at bumabâ ang Espiritu Santo sa kaniya sa anyong nakikita katulad ng kalapati at may nagsalita ng ganito, “Ikaw ang minamahal kong anak, ikaw ang lubha kong kinalulugdan”.




# Doktrina/Turo ng Simbahan

- Ang mag-asawang nagmamahal at nangangalaga ng búhay ay isang totoo at buháy na larawan, may kakayahang ibunyag ang Diyos na Manlilikha at Manunubos. Ang kanilang mabungang ugnayan ay nagiging imahen upang maunawaan at maipaliwanag ang misteryo ukol sa Diyos dahil sa Kristiyanong paningin sa Banal na Santatlo – ang Diyos ay Ama, Anak at Espiritu Santo (AL, 11).

- Ang kalayaan ng mag-anak na gumawa ng mabuti ayon sa ginawa ni Kristo bílang mga inampong anak ng Ama ay upang masalamin ang pagka-Ama ng Diyos at sa pamamagitan ng nananahang Espiritu ng Panginoon, naroon din ang kalayaan. (KPK, 698).





# Tugon ng Mananampalataya

- Upang makita ang kahalagahan ng kilos ng Banal na Santatlo sa búhay ng isang pamilya

- Upang makita kay San Jose, lalo at higit sa Banal na Mag-anak, ang presensiya ng Banal na Santatlo

- Upang malaman ang mga pagpapahalaga ng Banal na Santatlo na masasalamin sa búhay ng isang Kristiyano

# Pagpapahalaga

Ang búhay-Kristiyano ay isang búhay sa Banal na Santatlo. Buháy na buháy ang iisang Diyos sa bawat táong sumasampalataya sa Kaniya. Sa pang-araw-araw na karanasan ay mahalaga ang gabay, inspirasyon, udyok at kilos ng Banal na Santatlo sa lahat ng aspekto ng búhay.

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong


Kung ikaw ay isang binyágang Kristiyano, kumusta ang búhay-pananampalataya mo? Saan ka nahihirapan? Alin ang magaan para sa iyo? Mahirap ba o madaling maging isang anak ng Diyos na ating natanggap sa binyag? Bakit? Ano-ano ang mga pagsubok at hámon?

## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, hinihiling ko ang patnubay at pag-ibig ng Santatlo sa aking pagkilala kay San Jose. Nawa ay maranasan ko rin ang presensiya ng Banal na Santatlo sa pamamagitan ng maka-amang pangangalaga at pag-ibig ni San Jose. Amen.

## Moralidad

**Bagamat may *concupiscencia* o kahinaan ng tao na kumiling sa paggawa ng masama, higit na mananaig ang mga pagpapahalaga ng Banal na Santatlo kung ang isang tao ay marunong manalangin, mangilatis (*discern*) at magsakripisyo. Hindi maiiwasan ang magkamali ngunit maaring maitama ang pagkakamali sa gabay ng iisang Diyos. Ang búhay-moral ay búhay sa Diyos.**





# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Magkaroon ng búhay-panalangin upang patuloy na maunawaan ang pag-ibig ng Banal na Santatlo

## Pagsasabúhay

Makilala ang paggabay ng Banal na Santatlo sa aking búhay sa pamamagitan ng *recollection* at *retreat*

## Pagbabahagi

Mapasalamatan ang iisang Diyos sa Kaniyang pang-araw araw at walang-tigil na pagsubaybay at pagmamahal sa pamamagitan ng Banal na Misa

ARALÍNG KATESISMO BLG. 7

# San Jose, Ipanalangin Mo Kami

## Panimula

Mula sa kaniyang pagiging kasintahan ni Maria, pagiging Ama ni Hesus, pagpapalaki kay Hesus at pagiging katuwang ni Maria sa kanilang tahanan, pagtakas sa Ehipto, paglaki ni Hesus, at hanggang sa bawian ng búhay si Jose, may isang mundong maka-esposo, maka-ama at maka-Diyos na mabubuksan. Sa loob ng panalangin ni San Jose ay naroon ang isang malalim na hangarin, pagmamahal, at pagtatalaga ng sarili sa Diyos.

## Pagsamba

### Mateo 1:18-21



Ganito ang pagkapanganak kay Hesukristo. Nang maidulog na si Maria na kaniyang ina at si Jose, bago pa sila magsáma, si Maria ay natagpuang nagdadalantao lalang ng Espiritu Santo. Si Jose na kaniyang asawa, palibhasa'y matuwid at ayaw siyang siraan ng puri sa madla, ay nagpasyang hiwalayán siya nang lihim. Samantalang pinag-iisipan niya ito, nagpakita kay Jose sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon at nagwika, "Jose, anak ni David, huwag kang mangambang tanggapin si Maria na iyong asawa sapagkat ang ipinaglilihi niya ay lalang ng Espiritu Santo. Manganganak siya ng isang laláki na tatawagin mong Hesus sapagkat siya ang magliligtas sa kaniyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan."

# Doktrina/Turo ng Simbahan

- Hindi mabilang ang mga hari at propeta na nagnanais makita ang Anak ng Diyos. Si San Jose ay hindi lámang nakita si Hesus kundi nakipag-usap pa sa Kaniya. Niyakap ni San Jose si Hesus at hinalikan niya nang may maka-amang damdamin at pagmamahal na silang dalawa lámang ang nakauunawa (*Quemadmodum Deus*).

- Sa simula, ang pananampalataya ni Maria ay umayon sa pananampalataya ni San Jose. Tinanggap ni San Jose ang isang katotohanan buhat sa Diyos, ang katotohanang tinanggap din ni Maria noong Ipinahayag sa kaniya ang Mabuting Balita (*Annunciation*) (*Redemptoris Custos*, 4).

- Ang pagpapakasal ni Jose kay Maria ay ang basehan sa batas ng pagiging ama niya kay Hesus. Upang matiyak ang maka-amang pag-aaruga at proteksiyon kay Hesus kaya pinili ng Diyos si Jose na maging kabiyak ni Maria (RC, 7). Tinawag si San Jose ng Diyos na pagsilbihan ang pagkatao/persona at misyon ni Hesus sa pamamagitan ng pagiging ama (RC, 8).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang sa pamamagitan ng panalangin ay maunawaan ang paglalakbay ni San Jose na nagsimula pa sa pagkakilala niya kay Maria

- Upang magkaroon ng bagong pananaw na ang ama rin ng tahanan ay dapat manalangin para sa kaniyang pamilya

- Upang magabayan sa tamang hakbangin ang mga nagsisimula ng pagpapamilya



# Makatáong Pagpapahalaga

Hindi ibig sabihing kapag ang isang ama ay hindi masyadong nagsasalita ay wala na siyáng pakialam sa pamilya. Magkaiba ang ama at ina sa halos lahat ng aspekto ng búhay ngunit may pagkakahawig din. Bigyang-halaga ang mabuting gawain ng isang ama kahit sa katahimikan at bigyang-halaga rin ang pagsusumikap niya kahit sa katahimikan.

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Sa inyong pamilya, paano mo masasabing ang tatay/*daddy*/tatang/papa mo ay naging isang ama? Bakit?

## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, maraming sugatáng pamilya. Hinihiling naming sa pamamagitan ng pagiging ama ni San Jose ay maghilom ang nga sugat na ito na maaring ikawasak ng pamilya. Amen.

## Moralidad

**Walang perpektong ama. Kung minsan, sapat na ang kanilang presensiya sa búhay ng isang pamilya. Ngunit hindi matatawaran ang pagtuturo ng mabuting asal sa lahat ng miyembro ng pamilya.**

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Mapalalim ang pagmamahal sa sariling ama ng tahanan sa pamamagitan ng pananalangin kay San Jose

## Pagsasabúhay

Matutong magpasalamat sa ama ng tahanan sa lahat ng ginawa niya para sa pamilya

## Pagbabahagi

Maibahagi ang kalakasan ng sariling ama sa ibang pamilya

ARALÍNG KATESISMO BLG. 8

# Santa Maria, Ipanalangin Mo Kami

## Panimula

Katuwang ni San Jose sa kaniyang pagiging magulang ni Hesus si Maria. Marami nang naisulat tungkol kay Maria. Pagtutuonan natin ng pansin ang pagiging kabiyak ni San Jose. Hindi lámang kasama sa búhay kundi isang kamanlalakbay at magulang ni Hesus si Maria.

## Pagsamba

### Lucas 1:38

"Narito ang lingkod ng Panginoon. Maganap nawa sa akin ang iyong sinabi". At nilisan siya ng anghel.



# Doktrina/Turo ng Simbahan

**Walang pag-ibig na hihigit pa rito na ang isang tao ay mag-alay ng kaniyang búhay dahil sa kaniyang kaibigan (Juan 15:13).**

- Kagaya ni Maria, hinihiling sa bawat pamilya na harapín ang mga hámon nang may katatagan at kapayapaan, maging sa panahon ng kasaganaan at kahirapan at mailagay sa kanilang puso ang mabubuting gawa ng Diyos (AL, 30).

- Sila ay binasbasan ni Simeon at sinabi kay Maria na kaniyang ina, "Tandaan mo, ang sanggol na ito ay nakatalaga sa ikapapahamak at ikaliligtas ng marami sa Israel, isang tandang sasalungatin. At paglalagusan ng isang tabak ang iyong kaluluwa upang mapahayag ang pag-iisip ng maraming puso" (Lucas 2:34-35).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang makita ang gampanin at responsbilidad ni Maria bílang katuwang ni Jose sa pagpapalaki kay Hesus

- Upang malaman ang mga katangian bílang ina ni Hesus

- Upang mapasok ang búhay-panalangin ni Maria

# Makatáong Pagpapahalaga

Si Maria ay isang ina, ang Ina ng Diyos. Napakalaking gampanin at nakakalulang responsibilidad ang ibinigay sa kaniya ng Diyos. Marami siyáng pinagdaanan at sakripisyong ginawa upang matupad lámang ang kalooban ng Diyos sa lupa. Ang pahalagahan siya ay pahalagahan din ang ina ng bawat pamilya. Ang pasalamatan siya at igalang ay isang paraan ng pagsamba sa Diyos na may kaloob ng lahat.



# Pagpapalalim

## Moralidad

**Ang búhay-panalangin ni Maria ay siyáng pinagmumulan ng kaniyang lakas at pananampalataya. Sa pananalangin ay nagsasalita ang Diyos at nakikinig ang tao. Nagagawa lámang ito sa katahimikan ng puso. Kapag ang Diyos ay nagsalita sa pamamagitan ng konsensiya, doon makikita ang tama o mali, ang masama o mabuti. Nasa tao ang pagpapasya kung ano ang kaniyang susundin.**

## Gabay-Tanong

Sa mga katangian ng Inang Birheng Maria, ano-ano ang mga nakita mong kahawig na katangian kay San Jose? Nais mo rin ba itong tularan? Bakit?

## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, mula nang isilang Ka sa mundong ito ay may mga piping saksi sa luwalhati Mo, sa kabutihan Mo, sa Iyong walang kasinlalim na pag-ibig sa amin. Hinihiling namin na sa tulong ng Inang Birheng Maria ay mapalapít kami kay San Jose. Amen.

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Magkarooon pa ng higit na karanasan kay Maria sa pamamagitan ng debosyon at pagrorosaryo



## Pagsasabúhay

Pagsumikapang maisaisip at maisagawa ang mga pagpapahalaga ng Inang Birhen na itinuturo ng Katesismo at ng Bibliya

## Pagbabahagi

Maipalaganap ang debosyon kay San Jose sa pamamagitan ng debosyon sa Inang Birheng Maria



ARALÍNG KATESISMO BLG. 9

# Marangal na Anak ng Angkan ni David

## Panimula



Ang karangalan ng isang pamilya ay nagmumula sa mga anak at sa mga magulang na bumubuo nito. Pinupuri ang mabubuting gawa, ang mga sakripisyong ginawa, at ang marangal na pamumuhay. Hindi maihihiwalay na ang karangalan ni San Jose ay kakambal ng pagiging mabuti at masunuring anak ni Hesus. Parang mahirap maunawaan na si Hesus ay sabay na tao at Diyos. Bagamat siya ay tao, hindi siya nagkakasala o nagkakamali. Pero kapag inilagay mo sa perspektiba ni San Jose na ama sa lupa ni Hesus, lalong nagiging malinaw ang kaniyang pagiging marangal, isang mabuting halimbawa mula sa angkan ni David.

## Pagsamba

### Juan 10:11-18

Ako ang mabuting pastol. Iniaalay ng mabuting pastol ang kaniyang búhay alang-alang sa mga tupa. Ang upaháng hindi pastol at hindi rin may-ari ng tupa ay tumatakas kapag nakikitang dumarating ang lobo; kaya sinisila ng lobo ang mga tupa at ipinangangalat. Ang upahán ay tumatakas, palibhasa ay upahán lamang at walang pagmamalasakit sa mga tupa. Ako ang mabuting pastol; nakikilala ko ang aking mga tupa at ako naman ay nakikilala ng mga akin, katulad ng pagkakakilala sa akin ng Ama, at pagkakakilala ko sa Ama; at iniaalay ko ang aking búhay alang-alang sa aking mga tupa. Mayroon din akong ibang mga tupa na wala sa kawang ito; sila man ay dapat kong tipunin at diringgin nila ang aking tinig, at magkakaroon ng iisang kawan lámang, at iisang pastol.

# Doktrina/Turo ng Simbahan

- Noong mga tagong taon (hindi nakatalâ o nakasulat sa Bibliya) sa Nazareth, natuto si Hesus sa pagtuturo at gabay ni San Jose na sundin ang kalooban ng Ama. Ang kalooban ng Ama sa Langit ang kaniyang pang araw-araw na pagkain. Kahit na sa pinakamahirap na bahagi ng kaniyang búhay sa Gethsemane, pinili ni Hesus na sundin ang kalooban ng Diyos Ama higit sa kaniyang sarili hanggang kamatayan (*Patris Corde*, 3).

- Ang piniling espirituwal na daan ni San Jose ay hindi ang daan ng pagpapaliwanag kundi ang daan ng pagsunod. Sa pamamagitan nito ay lalo nating mauunawaan ang mas malalim na kahulugan ng kasaysayan. Ngunit ang pagiging masunurin ni San Jose ay hindi pagpapaubaya (*resignation*) kundi pagpapakita ng tapang at katatagan at pagharap sa mga hámon ng pagiging ama. Tanging ang Diyos lámang ang makapagbibigay ng lakas na tanggapin ang búhay kasama ang lahat, maging ang kabalintunaan at pagkabigo (PC, 4)

# Tugon ng Mananampalataya



- Upang mapalalim ang kaalaman sa pagiging marangal na anak ni Hesus na mula sa angkan ni David

- Upang makita rin ang sariling karangalang ipinagkakaloob sa mga binyágan bílang mga  anak ng Diyos

# Pagpapahalaga

Sabi nga na ang táong hindi marunong lumingon sa pinaggalingan ay hindi makararating sa paroroonan. Marangal ang angkan na pinagmulan ni Hesus. Marangal din ang kaniyang pamilya. Napananatili ang karangalan sa pagiging masunurin sa mga turo at halimbawa ng amang si San Jose. Hindi para kay San Jose ang mga turong ito kundi para kay Hesus upang mahubog siyáng isang mabuting anak, masunurin, maipagmamalaki at higit sa lahat, ikararangal ng Diyos Ama.

## Moralidad

**Kapag ang pagtuturo at paghuhubog kay Hesus ay punô ng kalinga at pagmamahal, lalo na ng isang ama gaya ni San Jose, ang kasalanan ay hindi kailanman makapapasok. Sa isang ordinaryong anak na pinalaki ng kaniyang magulang na busog sa pagmamahal, may paghuhugutang saligang turo ang anak kapag siya ay magpapasya kung tama o mali, masama o mabuti ang kaniyang gagawin.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Sa inyong angkan, sino ang pinakakilalá ninyong kamag-anak? Mayaman ba siya? Matalino? Isang politiko? Makapangyarihan? Ano ang naitulong niya sa iyong pagiging mabuti at banal?

## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, hinihiling naming patuloy pa kayong makilala at si San Jose sa inyong pinagmulang angkan. Makilala rin nawa namin ang aming angkan upang makita namin kung paano ka kumilos sa aming kasaysayan. Amen.

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Maunawaan ang epekto ng angkan sa búhay-pananampalataya

## Pagsasabúhay

Maisabúhay ang magaganda at mabubuting katangian at gawain ng angkan

## Pagbabahagi

Maibahagi ang kilos ng Diyos sa angkang pinagmulan



ARALÍNG KATESISMO BLG. 10

# Liwanag ng mga Patriyarka

## Panimula

Ang punò ng sambahayan, ang ama, ay liwanag ng isang pamilya dahil dinadala niya ito sa kabutihan at katotohanan sa pamamagitan ng ilaw ng Diyos. Nagiging liwanag si San Jose ng mga patriyarka dahil siya ay táong ama ng ating Panginoong Hesukristo. Sa pagiging liwanag ay nailalantad ang madidilim, masasama at maling kilos, gawa at isip ng nakaraan at kasalukuyan, at sa pamamagitan ng Liwanag ng mga Patriyarka, si Hesukristo, ay napadadalisay ang lahat tungo sa kabutihan at kabanalan.

## Pagsamba

### Genesis 41:53-57

Nang makalipas na sa lupain ng Ehipto ang pitóng taóng kasaganahan ay nagsimula naman ang pitóng taóng taggutom gaya ng mga hinula ni Jose. Nagtaggutóm din sa ibang mga bayan, samantalang may pagkain sa buong Ehipto. "Humayo kayo kay Jose at gawin ninyo ang sabihin niya sa inyo." Nang lumaganap ang taggutom sa buong lupain, binuksan ni Jose ang lahat ng kamalig at ipinagbili ang trigo ng mga Ehipsiyo pagkat naging matindi ang gútom sa lupain ng Ehipto. Ang lahat ng tao ay nagtungo sa Ehipto upang bumili ng trigo kay Jose sapagkat malubha ang taggutom sa buong lupa.



# Doktrina/Turo ng Simbahan

- Ang mga Banal na Patriyarka ay malaki ang tiwala sa mga Kristiyanong bumubuo sa Simbahan. Ang mga Kristiyanong inampong kapatid ni Kristo sa pamamagitan ng binyag ay nasa pangangalaga at tiwala ni San Jose. Ang pangangalagang ito ay nagmumula sa pagiging esposo ng Mahal na Birheng Maria at ama ni Hesus. Kaya, natural lámang na alalahánin at tugunan ni San Jose ang mga pangangailangan ng mga pamilya sa Nazareth at ibigay ang kaniyang proteksiyon. Kailangan niyang ipagtanggol ang Simbahan (QP, 3).

- Si Jose sa Matandang Tipan na anak ng Patriyarkang si Jacob ay larawan ni San Jose. Nakikita natin ang bagong San Jose sa lumang/matandang Jose sa panahon ng mga patriyarka (QP, 4).

- Ang ama ng bawat pamilya ay nakikita kay San Jose ang larawan ng katatagan at pag-aaruga. Larawan siya ng wagas na pag-ibig, ng kapayapaan, at ng katapatan sa matrimoniyo (QP, 4).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang malaman ang pagiging liwanag ni San Jose maging sa pamilya na domestikong simbahan

- Upang makita ang kalakasan at kahinaan ng sariling pamilya at makakuha ng gabay mula kay San Jose

# Pagpapahalaga

Bahagi ng pagkatao ng isang ama ang maging liwanag ng kalinisan, kabanalan, at pagmamahal na sumisinag sa kaniyang sarili. Maraming ama ang nagsusumikap na itaguyod ang pamilya sa kabila ng kadiliman sa paligid - kahirapan, imoralidad, tukso ng kapangyarihan, panghihina. Kung ang buong pamilya ay magtutulong-tulong upang suportahan ang ama ng tahanan sa pagtiyak ng katatagan at pagiging buo ng pamilya, lahat ng mabuti ay posibleng mangyari.

## Moralidad

**Isang bahagi at katotohanan ng pagiging ama ay kapag nanghina siya at bumitaw sa mga makamundong pagpapahalaga, sa halip na sa liwanag madala ang pamilya ay sa kadiliman ito mapupunta. Sa ganitong pangyayari, kailangan ang tatag ng pananampalataya at tibay ng paninindigan upang mapanatili ang tama at mabuti.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Ano ang isa sa pinakamabibigat na problemang pinagdaanan ng inyong pamilya? Paano ninyo ito hinarap? Paano ito gumaan at nagkaroon ng solusyon?

## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, salamat at may matatakbuhan ang aming pamilya sa panahon ng kagipitan.
Sa pamamagitan ni San Jose, mapanatili nawa ang liwanag ng iyong pagpapala sa amin. Amen.

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Maunawaan ang kahalagahan ng pagiging liwanag ng ama sa tahanan

## Pagsasabúhay

Mapasalamatan ang ama sa mabubuting ginagawa sa pamilya at matulungan siya kung nahihirapan

## Pagbabahagi

Maibahagi sa iba ang kabutihan ng mga ama ng tahanan at maibahagi rin ang mga biyayang bigay ng Diyos sa mga ama

ARALÍNG KATESISMO BLG. 11


# Kabiyak ng Ina ng Diyos

## Panimula

Kinikilala na ang pamilya ay binubuo ng mag-asawa at kung ipinagkaloob ng Diyos ay mga anak. Sa larawan ni San Jose bílang kabiyak ni Maria, naroon ang kaniyang buong-pusong pakikiisa kay Maria sa pagganap ng kaniyang tungkulin na maging ama ni Hesus sa lupa. Kasabay din nito ang kaniyang pakikiisa sa buong kasaysayan ng pagliligtas na ninanais ng Diyos.

## Pagsamba

### Marcos 4:3-8



Makinig kayo! May isang manghahasik na lumabas upang maghasik. Ngayon, sa kaniyang paghahasik ay may iláng butil na nalaglag sa tabi ng daan, at dumating ang mga ibon at kinain ito. Ang iba ay nalaglag sa kabatuhan na doon ay kakaunti ang lupa at sumibol agad palibhasa ay di malalim ang lupa; datapwat pagtaas ng araw ay nalanta at natuyo dahil sa kawalan ng ugat. May nahulog sa tinikan; nang lumaki ang mga tinik ay ininis ito kaya hindi nagbunga. Ang iba naman ay nalaglag sa mabuting lupa at ito ay nagbunga, lumaki at dumami; may namunga ng tigtatatlumpu, ng tig-aanimnapu, at ng tigsasandaan.

# Doktrina/Turo ng Simbahan

- Sa tiyak na paraan, ang mag-asawang Kristiyano ay naglilingkod sa isa't isa sa pamamagitan ng pagpapalakas sa kani-kaniyang pananampalataya, pagtutulungan, pagpapayuhan, at pagpapapagaan ng dalahin (KPK, 1932).

- Sa loob ng pamilya naipamumulat at nalilinang ang iba't ibang ministeryo sa simbahan (PCP II, 421).

- Apat na tungkulin ng Kristiyanong mag-anak ang ipamalita at ipahayag ang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng: pagbubuo ng isang pamayanan ng tao; paglilingkod sa búhay sa pamamagitan ng pagsusupling at paghubog ng mga anak; pakikilahok sa pagpapaunlad ng lipunan; at pakikibahagi sa misyon ng simbahan (KPK, 1931; PCP II, 575).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang maipagmalaki ang katangian ng Kristiyanong pamilya

- Upang bílang kabiyak ni Maria, malaman ang gawain at responsibilidad ni San Jose sa pagbubuo ng pamilya

# Pagpapahalaga

Hindi lámang isang mangingibig si San Jose. Siya rin ay isang pastol. Sa kaniyang dakilang pag-ibig kay Maria at kay Hesus, ibinigay niya pati ang kaniyang búhay para sa kapakanan nila. Itinaya ni San Jose ang lahat para sa minamahal. Inaasahan din ito sa mga namumuno sa Simbahan, Santo Papa, mga obispo, pari, konsagrado. Huwaran si San Jose ng pagiging pastol. Ipinaglalaban niya ang kaniyang minamahal.

## Moralidad

**Kapag sinabing "kabiyak" ay may kasama itong isa pang biyak. Kalahati o bahagi lámang ang isang kabiyak. Hindi ito buo. Ang kabuoan ng Banal na Mag-anak ay sina Hesus, Maria at Jose. Ang pagtuturo ng tama at mali, masama at mabuti, ay nakasalalay sa magkabiyak ng puso - ang ama at ang ina. Hindi mahalaga kung sino ang nagtuturo, ina man o ama. Ang mahalaga ay tama at mabuti ang itinuturo.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Bilang isang pastol ng iyong pamilya, sambayanan o grupong kinabibilangan, handa ka bang isakripisyo maski ang iyong sariling búhay para sa kanila? Bakit?

## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, salamat at ipinakilala mo sa amin si San Jose na isang pastol. Nawa ay magkaroon din kami ng lakas at tatag ng paninindigan at pagmamahal sa mga táong ipinagkatiwala mo sa amin. Amen.

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Maunawaan ang kahalagahan ng pagiging magkabiyak sa isang pamilya

## Pagbabahagi

Maipagmalaki ang pananatiling magkabiyak ng ama at ina na siyáng buong lakas ng isang pamilya

## Pagsasabúhay

Mapanatili ang pagmamahalan, paggalang, at pagkakaisa sa pamilya sa kabila ng mga balakid at kahirapang pinagdaraanan nito

ARALÍNG KATESISMO BLG. 12

# Tagapagbantay ng mga Birhen

## Panimula

Ang pagiging lantay sa kalinisan (*chaste*) ni San Jose ay isang malaking biyaya ng Diyos sa ama ni Hesus sa lupa. Sa kalinisan ng kaniyang pagkatao ay nauunawaan niya ang búhay, naisin, at pangangailangan ng kapuwa niya birhen. Lumalampas ang pagkabirhen sa pisikal na pagkabirhen o *physical virginity*. Kay San Jose, ang buo niyang pagkatao ay nananatiling malinis upang maging karapat-dapat siya sa pagiging ama ni Hesus sa lupa. Nararapat lámang na ang mga birhen na itinalaga ang sarili sa Diyos ay sa kaniya humingi ng proteksiyon.

## Pagsamba

### Mateo 19:13-15

Pagkatapos, dinala sa kaniya ang mga bata upang ipatong sa kanila ang mga kamay at idalangin sila. Sinaway sila ng mga alagad ngunit winika sa kanila ni Hesus, “Pabayaan ang mga bata at huwag siláng hadlangan sa paglapit sa akin sapagkat nasa mga gaya nila ang kaharian ng langit.”



# Doktrina/Turo ng Simbahan

- Sa búhay-relihiyoso, tatlo ang panata sa búhay. Isa rito ay ang kalinisan ng búhay na sumasaksi laban sa anomang seksuwal na gawain na hiwalay sa pag-ibig, sa pagtatalaga at pananagutan, at sa pagsasamantala sa mga babae at kabataan (KPK, 1938).

- Ang pag-ibig ng walang asawa ay ang bokasyong malayang pinili ng mga relihiyoso at relihiyosa, pari at laykong nagpasya para sa "banal na búhay-pag-iisa." Hindi sila nagpapanggap na "mas banal" kaysa mga Kristiyanong mag-asawa. Malaya nilang pinili ang maging birhen para sa kaharian ng Diyos (KPK, 1939).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang makita at mapasalamatan ang Diyos sa biyaya ng pananatiling birhen para sa kaniyang kaharian

- Upang magkaroon ng matatakbuhan ang birhen at mga konsagrado sa panahon ng kagipitan

# Pagpapahalaga

Ang pag-aalaga sa kalinisan ng pagkatao (*chastity*) ay pag-iingat at pagpapaamo (*tame*) upang buong-pusong maibigay ni San Jose ang kaniyang totoong pagkatao (*authentic self-giving*). Ang pagiging selibato (*celibate*) ni San Jose ay isang uri ng kalinisan. Ang pagsasama nila ng Inang Birheng Maria ay tinatawag na "Josephite Marriage" (Calloway, 2020, p35). Totoong mag-asawa sila ngunit walang pagtatalik. Ang kanilang bokasyon ay ang maging isa sa puso, isip, at kaluluwa ngunit hindi sa katawan.



## Moralidad

**Ang pagpili ng búhay ayon sa nais ng Diyos ay tanda ng paglago sa pananampalataya ng isang tao. Ang pagiging at pananatiling birhen para sa kaharian ng Diyos ay hindi kailanman naging mali dahil ang paninindigan, paniniwala, at pag-ibig ng mga birhen ay kanilang alay sa Diyos.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Paano mo iniingatan ang kalinisan ng iyong isip, kaluluwa, at pagkatao? Saan ka nahihirapan? May halaga pa ba ngayong panahong ito ang pananatiling birhen?

## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, salamat po sa araw na ito. Ang pagiging malinis at hindi pag-aasawa ay biyayang sa iyo nagmumula. Kaming nagtatalaga ng sarili nawa ay iyong patatagin upang patuloy naming maibigay ang sarili sa paglilingkod sa iyo at sa kawang iyong ipinagkatiwala sa amin. Amen.

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Maisaalang-alang ang búhay ng kalinisan at hindi pag-aasawa

## Pagsasabúhay

Kagaya ng iba pang uri ng pamumuhay, mabigyang-respeto at suporta ang búhay ng mga birhen at hindi nag-asawa para sa kaharian ng Diyos

## Pagbabahagi

Mapahalagahan ang mga nagsusumikap na mapanatiling malinis ang buo nilang pagkatao at ang mga nagtalaga ng sarili sa Diyos sa pamamagitan ng di-pag-aasawa

# ARALÍNG KATESISMO BLG. 13

# Ikalawang Ama ng Anak ng Diyos

## Panimula



Anomang karanasan ng tao ay nauunawaan kapag naipahayag sa salita at sa kilos. Ang mga salita ay hinubog ng isang katotohanan na naipapahayag sa pamamagitan ng bibig at ng panulat. Ang pagiging Anak ng Diyos ni Hesus ay higit na mauunawaan kapag ang paradigma (*paradigm*) ng ama sa lupa ang gagamiting pamamaraan upang ipakita at ipaliwanag ang malaking katotohanang ito. Bagama't may kakulangan ang salitang "ama sa lupa" kung ikokompara sa "Ama sa Langit", may mga makikita at mararanasang pagkakahawig ang dalawa. Si San Jose ay ikalawang ama ni Hesus, ang ama niya sa lupa.

## Pagsamba

### Lucas 2:46-50

Pagkatapos ng tatlong araw, natagpuan siya sa templo na nakaupo sa gitna ng mga pantas na nakikinig at nagtatanong sa kaniya. At lahat ng nakikinig sa kaniya ay namangha sa kaniyang karunungan at mga isinasagot. Nang makita siya ng kaniyang mga magulang, sila man ay nagtaka at sinabi sa kaniya ng kaniyang ina, "Anak, bakit mo ito ginawa sa amin? Tingnan mo ang iyong ama at ako ay tigib ng hapis sa paghahanap sa iyo." Sumagot siya, "Bakit ninyo ako hinahanap? Hindi ba ninyo nababatid na ako'y dapat nasa bahay ng aking Ama?" Ngunit hindi nila mawatasan ang pananalita na sinabi niya sa kanila.

# Doktrina/Turo ng Simbahan



Ang pagpapahayag sa Diyos bílang Ama o Tatay ay upang maunawaan ang papel ng Diyos sa ating sariling pagkakakilanlan. Sa kaibuturan ng ating sarili ay hinahangad nating maging mga anak na ampon Niya. Kinikilala natin ang napakalaking utang na loob natin sa Diyos na ating Ama na nagtataguyod sa atin sa bawat sandali ng búhay. Ngunit nauunawaan din natin ang ating pananagutang iayon ang ating búhay sa mahal na kalooban Niya (KPK, 282).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang makilala si San Jose bílang ikalawang ama ni Hesus na siyang nag-aruga sa kaniya rito sa lupa
- Upang malaman at mapasalamatan si San Jose sa kaniyang di-mahahating pagkalinga kay Hesus sa lupa

# Pagpapahalaga

Sa pananaw nating mga tao, sinomang isinilang sa mundo ay nangangailangan ng pagkalinga ng isang ama. Nang isilang ang anak ng Diyos, upang higit na makapasok ang mga tao sa isang búhay-pag-unawa at búhay-karanasan sa pagkatao at pagka-Diyos ni Hesus ay naging bahagi ng búhay niya si San Jose. Sa patuloy na paglaki ni Hesus sa lupa, napakahalaga ni San Jose upang unti-unti ay malaman at maranasan niya kung paano maging anak kasáma ang sangnilikha. Napakahalaga ng responsibilidad ni San Jose kay Hesus dahil larawan siya ng Amang nasa Langit sa pangangalaga, pamamatnubay, at pagkalinga.

## Moralidad

**Ang pagiging ikalawang ama ni San Jose ay makikita din natin sa mga magulang at namumuno sa atin. Lahat ng atensiyon, tutok, paghubog, at pagpapakain ay ibinubuhos ng mga ama sa kanilang mga anak. Walang amang dinadala sa kapahamakan ang kaniyang pamilya lalo na ang kaniyang anak. Walang amang ubod ng samâ na maski ang kaniyang pamilya ay gagawan niya ng di-maganda. May mga panahon ng pagpili ngunit sa puso ng isang ama, ang pagpili ay laging para sa ikabubuti ng pamilya gaano man ito kahirap.**





# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Sa mga halimbawa/katangian ni San Jose bílang ama sa lupa ni Hesus, ano-ano ang nakikita mong pagkakahawig sa iyong ama? Handa ka bang maging ikalawang ama si San Jose?

## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, salamat sa iyong yakap paggising ko sa umaga. Sa pagiging ama ni San Jose sa iyo at sa amin, hinihiling naming gabayan mo kami sa aming pagiging ama para sa iba dito sa lupa. Amen.

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Maunawaan ang búhay at sakripisyo ni San Jose bílang ikalawang ama ni Hesus sa lupa.

## Pagsasabúhay

Matularan at maging inspirasyon si San Jose sa kaniyang di-matatawarang pagmamahal kay Hesus

## Pagbabahagi

Maipagmalaki sa iba ang mabuting katangian ng sariling ama na hawig at larawan ng pagiging ama ni San Jose



ARALÍNG KATESISMO BLG. 14

# Tagapagtanggol ni Kristo

## Panimula

Saligan ang ama sa anomang tahanan. Siya ang pinagmumulan ng lakas at katatagan. Sa panahon ng kahirapan, ipinakikita niya ang kaniyang lakas para sa pamilya sa pamamagitan ng pag-ahon sa kanila sa gutom at kamangmangan. Sa panahon ng paninira ng kaaway, sa banta ng pagsira sa pamilya, sinusuong ng isang ama ang mga panganib mapanatili lámang ang pagiging isa ng kaniyang mga mahal sa búhay. Sa kaniyang dakilang gawain ng pagtatanggol kay Hesus, ipinakikita ni San Jose na ang kaniyang lakas ay hindi galing sa kaniya kundi kay Hesus na Anak ng Diyos.

## Pagsamba

### Mateo 2:13-15



Nang makaalis na sila, ang anghel ng Panginoon ay nagpakita kay Jose sa panaginip at nagwika, "Bumangon ka, kunin mo ang sanggol at ang kaniyang ina at tumakas ka patungo sa Ehipto. Titigil ka roon hanggang hindi ko sinasabi sa iyong umalis sapagkat hahanapin ni Herodes ang sanggol upang patayin." Pagkabangon niya ay isinama ang sanggol at ang ina nito, noon ding gabíng iyon at pumunta sa Ehipto. Doon sila tumirá hanggang sa pagkamatay ni Herodes upang matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta: "Buhat sa Ehipto ay tinawag ko ang aking anak."

# Doktrina/Turo ng Simbahan

- Ang binyag ang nagbibigay sa atin ng tatak o "karakter". Ang karakter ay permanenteng tatak ni Kristo sa atin. Nagbubunga ito ng tunay na pagbabago sa ating kaugnayan sa Kaniya at sa Simbahan. Sa pamamagitan ng karakter sa binyag, nakikibahagi ang lahat sa maharlikang pagpapari kaya hinahayaan siláng aktibong makilahok sa liturhiya ng Simbahan, tanggapin ang iba pang sakramento, at higit na mapalapít kay Kristo sa pamamagitan ng personal na kabanalan (KPK, 1622-1623).

- Kumilos ang Diyos sa pagbibigay ng malikhaing katapangan (*creative courage*). Sa pagdating nila sa Bethlehem at walang makitang paghihimlayan ni Maria upang makapanganak, siya ay dinala sa sabsaban. Sa abot ng makakaya ni San Jose, ginawa niya itong isang tahanang handang papasukin ang Anak ng Diyos (PC, 5).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang makita ang búhay na inialay ni San Jose sa pagtatanggol kay Hesus

- Upang makita ang lakas at biyaya ng binyag na siyang ating sandata sa pagtatanggol kay Hesus at sa ating pananampalataya



# Pagpapahalaga

Inaasahang ang ama ay ipagtatanggol ang anak at ang pamilya sa mga sumisilàng lobo. Kung paano ang pamamatnubay at pagmamasid ni San Jose kay Hesus noong nasa lupa pa siya ay ganoon din ang ating nanararanasan sa ating paglalakbay sa lupa.

Bilang mga binyágan, nararapat lámang na ipagtanggol natin ang ating pananampalataya, ang Inang Simbahan, at ang mga katotohanang saligan ng ating pananampalataya. Kung si San Jose ay nagtanggol kay Maria at Hesus sa lahat ng uri ng pagdurusa at kapahamakan, nararapat lámang na magbantay tayo, kumilos, at ipaglaban din ang ating pagiging Kristiyano lalo na laban sa Diyablo.

## Moralidad

**Ipinaglalaban ng sinomang binyágan ang totoo, tama, at mabuti. Hindi kailanman ipinaglalaban ang masama, mali, at kasinungalingan. Kahit na ang kapalit ay búhay at kinabukasan ay nararapat lámang na ipagtanggol ang pinananampalatayaan. Walang halaga ang búhay kung mamumuhay sa kasamaan.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Handa ka bang ipagtanggol ang iyong pagiging Katoliko? Hanggang saan? Bakit?

## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, sa gitna ng aming pagiging mahina, nawa ay magkaroon kami ng biyaya na maging mapagbantay at maipagtanggol ang aming pananampalataya kagaya ni San Jose. Amen.

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Maunawaan ang búhay-binyágan bílang búhay kay Kristo

## Pagsasabúhay

Maging maingat sa mga tusong kaaway na sumisira sa pamilya at sa pananampalataya

## Pagbabahagi

Maipagmalaki sa iba ang mabuting katangian ng sariling ama na hawig at larawan ng pagiging ama ni San Jose



# ARALÍNG KATESISMO BLG. 15

# Punò ng Banal na Mag-anak

## Panimula




Nagiging maganda at mabuti ang pagkilos at paggawa ng responsibilidad sa isang pamilya kung malinaw ang kalalagyan o ang tungkulin ng bawat isa. Hindi sa minamaliit o binabalewala ang ibang miyembro ng pamilya o sambahayan kundi kinikilala na ang bawat isa ay may angking galíng na nababagay at nararapat sa kaniya. Ang maging punò ng isang pamilya ay hindi biro. Ang tradisyonal na pagtingin ay ang ama ang punò ng pamilya. Sa kasalukuyang kalagayan ng lipunan, maski ang ina o maging ang anak ay nagiging punò sa pamilya batay sa karanasan o pangyayaring nagdidikta sa ganoong pagkakakilanlan.

## Pagsamba

### Juan 15:1-2

Ako ang tunay na punò ng ubas at ang aking Ama ay siyang tagapag-alaga. Ang lahat ng sangang nasa akin na hindi namumunga ay puputulin, at lahat ng sangang namumunga ay pupungusin upang lalong magbunga.

# Doktrina/Turo ng Simbahan

Maraming katangian si San Jose bílang punò ng Banal na Mag-anak. Siya ay minamahal ng Diyos (PC, 1), isang nagmamahal (PC, 2), masunurin (PC, 3), tinatanggap ang lahat (PC, 4), may malikhaing katapangan (PC, 5), nagtatrabahong ama (PC, 6), at amang hindi nagpapansin (PC, 7).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang makita ang iba't ibang larawan ni San Jose bílang punò ng Banal na Mag-anak
- Upang matularan si San Jose sa kaniyang pagiging punò ng Banal na Mag-anak

# Pagpapahalaga

Si San Jose bílang punò ng Banal na Mag-anak ay huwaran. Handa siyáng magsakripisyo (Pagtakas sa Ehipto). Nililimot niya ang sarili matupad lámang ang kalooban ng Diyos. (Si Maria ay nagdalantao lalang ng Espiritu Santo). Hindi siya nag-alinlangan sa kaniyang pag-aaruga kay Hesus at ibinuhos niya ang buo niyang búhay at pagkatao sa kaniyang misyon sa lupa, at iyon ay ang maging ama ni Hesus.



## Moralidad

**Sa kasalukuyan, maging ang babae ay maaring maging punò ng pamilya. Sa mga single parent, itinataguyod nila ang pamilya hangga't makakaya nila. Maging ang mga anak ay napipilitang maging punò ng pamilya kapag may nangyari sa kanilang mga magulang. Ipinaglalaban ang pamilya sinoman ang maging punò nito.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Sa pagiging punò ng pamilya, ano ang pinakamasayang karanasan *(rewarding/consoling)*? Ano naman ang pinakamalungkot? Bakit?

## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, malaking misyon ang ibinigay mo sa punò ng tahanan. Sa pagiging huwaran ni San Jose, nawa ay matularan namin siya. Amen.

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Maunawaan ang búhay ng isang punò ng Banal na Mag-anak

## Pagsasabúhay

Maging kagaya ni San Jose sa katatagan at pagmamahal ang isang punò ng pamilya

## Pagbabahagi

Maibahagi lalo na sa mga susunod na henerasyon ang kahalagahan ng pagiging punò ng pamilya

ARALÍNG KATESISMO BLG. 16

# Makatarungang San Jose

## Panimula

Sa isang pamilya, nakatingin ang mga anak at asawa sa pangunguna ng ama. Karaniwan, nakabatay ang kilos, desisyon, at pananaw ng isang mag-anak sa ama bílang pagkilala sa pagiging punò niya ng mag-anak. Ang pagiging makatarungan ng isang ama ay nakabatay sa pagiging makatarungan ng Diyos. Si San Jose ay ama ni Hesus sa lupa at anoman ang kaniyang kilos-katarungan ay maaring maging salamin din ng kilos-katarungan ng Amang nasa Langit.

## Pagsamba

### Exodo 20:1-17

Pagkaraan, binigkas ng Diyos ang mga Salitang ito, "Ako ang Panginoon mong Diyos na naglabas sa iyo sa lupaing Ehipto, sa bahay ng pagkaalipin. Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos maliban sa akin. Huwag mong igawa ang iyong sarili ng anomang larawang inanyuan na kawangis ng anomang bagay na nasa langit sa itaas o sa lupa sa ibaba o sa mga tubig sa ilalim ng lupa. Huwag kang magpapatirapa sa kanila o paglingkuran man sila. Sapagkat ako na Panginoon mong Diyos ay isang mapanibughong Diyos na nagpaparusa ng kasamaan ng mga magulang sa mga anak ng mga napopoot sa akin, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi; ngunit nagkakaloob ng habag sa salinlahi ng mga nagmamahal sa akin at tumutupad ng aking mga utos. Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoong Diyos nang walang kabuluhan; sapagkat hindi pahihintulutan ng Diyos na di maparusahan ang sinomang bumanggit sa kaniyang pangalan nang walang kabuluhan.

Alalahanin mo ang Sabat upang ipangilin ito. Anim na araw kang

gagawa at isasakatuparan ang iyong mga gawain, datapwat ang ikapito ay ang Sabat na nakatalaga sa Panginoon mong Diyos. Huwag kang gagawa ng anomang gawain ni ang iyong anak na lalaki o babae ni ang utusáng laláki o babae, ni ang iyong hayop, ni ang sinomang dayuhang nakikituloy sa iyo. Sapagkat sa anim na araw na ginawa ng Panginoon, ang mga langit at lupa, ang karagatan at lahat ng naroroon; ngunit noong ikapitong araw ay namahinga siya. Iyan ang dahilan kung bakit pinagpala ng Panginoon ang Sabat at kaniyang ginawang banal.

Igalang mo ang iyong ama at ina upang mabúhay ka nang matagal sa lupa na ibinibigay sa iyo ng Panginoong Diyos. Huwag kang papatay. Huwag kang makikiapid. Huwag kang magnanakaw. Huwag kang sasaksi nang di-totoo laban sa iyong kapuwa. Huwag kang magnanasa sa bahay ng iyong kapuwa. Huwag kang magnanasa sa asawang babae ng iyong kapuwa ni sa kaniyang utusang lalaki o babae, ni sa kaniyang toro o asno, ni sa anomang pag-aari niya."

## Doktrina/Turo ng Simbahan

Subalit para sa mga Kristiyano, masiglang nakaugnay sa mga makatuwirang hinihingi ng katarungan ang pangunahing utos ng pag-ibig na ibinibigay ni Kristo. Ipinapahayag ng PCP II "Habang ang pangangailangan sa katarungan ay ipinahihiwatig sa pag-ibig, matatamo lámang ng katarungan ang panloob na kaganapan nito sa pag-ibig. Dahil sa katarungan, maaaring manatiling 'iba' ang tao, isang dayuhan. Subalit sa pag-ibig, ang 'iba' ay kaibigan, manapa'y isang kapatid kay Kristo" (KPK, 1190).

## Tugon ng Mananampalataya

- Upang makita ang pagiging makatarungan ni San Jose bílang ama ng Banal na Mag-anak
- Upang malaman ang mga batayang pagpapahalaga ni San Jose sa kaniyang pagiging makatarungan

# Pagpapahalaga

Ang pagiging makatarungan ay ang pagbibigay ng nararapat sa sinoman. Ang pinakabatayang pagpapahalaga ng pagiging makatarungan ay ang pag-ibig. Mahirap ibigay ang nararapat sa iba kung hindi mo iniibig ang iyong kapuwa. Iniibig ni San Jose ang Diyos nang higit sa lahat. Kaya't bagamat may pagtutunggali sa kaniyang kalooban (halimbawa, sila ay nakatakdang ikasal ni Maria ngunit siya ay nagdalantao lalang ng Espiritu Santo) ay ibinigay pa rin niya ang banal na paggalang at pagsunod sa kalooban ng Diyos. Katarungan ang ibinibigay ng Diyos sa atin sa lahat ng aspekto ng búhay natin at iyon din ang dapat na isukli.

## Moralidad

**Ang pagdarasal, ang pagsisimba, ang pagiging mapagkawanggawa, ang pagpapatawad, at pagmamahal sa kapuwa ay mga larawan ng pagiging makatarungan. Alalahanin mo ang gintong pamantayan o *golden rule*, gawin mo sa iba ang nais mong gawin nila sa iyo.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Tuwing Linggo, lahat ba ng miyembro ng inyong pamilya ay nagsisimba? Ano ang pakiramdam mo kapag kompleto kayo sa misa? Kapag hindi kompleto? Bakit?

## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, kung minsan, mas madali ang manlamang kaysa ang maging makatarungan. Salamat sa halimbawa ni San Jose sa pagiging makatarungan na nawa ay aming matularan at maisabúhay. Amen.

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Mabigyang-diin ang kahalagahan ng pamumuhay nang makatarungan

## Pagsasabúhay

Mapanatiling ang pamilya ay namumuhay sa katarungan

## Pagbabahagi

Matulungan ang ibang pamilya na maisabúhay at mapanatili ang búhay-katarungan



ARALÍNG KATESISMO BLG. 17

# Kalinis-linisang San Jose

## Panimula

Ang kalinisan (*chastity*) ay isang biyaya at tugon ng tao. Isa itong pagpili ng uri ng pamumuhay na tatahakin habang nabubúhay. Sa paalala ng Diyos sa banal na pamumuhay sa pamamagitan ng Sampung Utos ay may pagdidiin sa pagpapanatili ng kalinisan ng buong pagkatao. Ang pagiging malinis ni San Jose sa kaniyang buong pagkatao ay isang kilos-biyaya ng Diyos upang igayak siyáng maging ama ni Hesus sa lupa at upang maging karapat-dapat siya. Ito rin ay tugon ni San Jose sa paanyaya ng Diyos na maging Ama ni Hesus at mapanatili ang kalinisang ito hanggang sa huling sandali ng kaniyang búhay.

## Pagsamba

### Lucas 1:5-8

Nang mga araw ni Herodes, hari ng Judea, ay may isang pari na ang pangalan ay Zacarias, sa pangkat ni Abias, at naging asawa niya ang isang inaanak ni Aaron na ang pangalan ay Isabel. Kapuwa sila matuwid sa harap ng Diyos at walang maipupula sa kanilang pagtahak sa mga utos at mga tuntunin ng Panginoon. Ngunit wala siláng anak palibhasa'y baog si Isabel at kapuwa sila matanda na.



# Doktrina/Turo ng Simbahan

Dahil ang kalinisan ng búhay o ang kadalisayan ng puso ay nakatuon sa pag-ibig, tahasang patungkol ito sa lahat, anoman ang kanilang estado sa búhay, mga may asawa man o at mga táong di nag-asawa. Ang kalinisan ng búhay para sa may-asawa ay binubuo ng katapatan sa kanilang sumpáan noong sila'y ikasal at sa kanilang paggalang at pagpipitagan sa kung anoman ang mabuti at maganda sa kanilang pagsasama. Hinihingi ng kalinisan ng búhay ang pagtitimpi sa di nag-asawa at mga may-asawa (KPK, 1107).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang mapasalamatan si San Jose sa kalinisan ng kaniyang buong pagkatao at búhay
- Upang malaman at maunawaan ang lakas na pinaghuhugutan ng mga nagsusumikap mapanatili ang kalinisan ng búhay

# Pagpapahalaga

Ang biyaya ng kalinisan ng búhay at pagkatao ay parang isang liwanag na tumatanglaw sa gitna ng kadiliman na dulot ng tukso, tawag ng laman, at imoralidad. Si San Jose ay huwaran ng kalinisan. Ang buo niyang pagkatao ay nananatiling malinis dahil ipinagkaloob niya ang lahat-lahat ng kaniya sa Diyos sa pamamagitan ng kaniyang pagiging ama ng Banal na Mag-anak.



## Moralidad

**Kung minsan ay may mga itinatago táyong "kasalanang inaalagaan" (*sins we nurture*) na nagiging balakid upang buong-buo nating maibigay ang sarili sa Diyos. Hindi natin mabitawan ang mga kasalanang ito gaya ng pakikiapid, paninirang-puri, at iba pa. Hiráp na hiráp táyong kumawala dahil takót táyong harapin ang mga kasalanang ito. Nakakabawas sa ating pagkatao at nakapagpapalayô sa Diyos, sa kapuwa, at maging sa sarili. Tingnan si San Jose. Ang buo niyang pagkatao ay nakatuon sa Banal na Pamilya (*singular, focused devotion to the Holy Family*). Susi upang unti-unting maliwanagan ang madidilim na bahagi ng ating pagkatao ang paghingi ng tawad sa Diyos at pangungumpisal. Huwag matakot na ilahad sa Diyos ang mga kasalanan. Ilantad ang mga ito sa liwanag ng kapatawaran ng Diyos upang málinis ang ating pagkatao. Kung ang singsing, ang Santo Anello (Calloway, 2020, p. 136), na ibinigay ni San Jose kay Maria ay simbolo ng wagas at kalinis-linisang pag-aasawa, may mga singsing (*rings of commitment*) din táyong dapat isuot bílang paalaala at simbolo ng ating pag-aalay sa Diyos.**

# Pagpapalalim

### Gabay-Tanong

May mga "inaalagaan ka bang kasalanan"? Handa ka bang ilagay ito sa liwanag ng Diyos, ihingi ng tawad, at magkaroon ng pagkataong málinis? Kailan?

### Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, nanghihina kami kung minsan dahil sa mga kasalanang inaalagaan namin na siyáng nagiging balakid sa aming relasyon sa Diyos. Hinihiling naming matularan si San Jose sa kaniyang kalinisan at katatagan. Amen.

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Maunawaan ang kahalagahan ng kalinisan ng pagkatao at búhay

## Pagsasabúhay

Masimulan ang pagtahak sa landas ng kalinisan sa pamilya sa pamamagitan ng pagsisisi at paghingi ng tawad

## Pagbabahagi

Maibahagi sa pamilya at sa iba ang pagnanais na maging malinis ang búhay





# ARALÍNG KATESISMO BLG. 18

# San Joseng Mapagkilatis

## Panimula

Ang pagwawari, pagtingin at pagtitimbang, kapag inilagay sa panalangin, ay nagiging isang kilos na mapagkilatis (*prudence*). Kung ano ang makabubuti, bagamat mahirap at punô ng sakripisyo, ang siyáng gagawing hakbang at makapangyayari. Susi ang panalangin, ang pananaw ng Diyos sa anomang kilos sa búhay, upang malayô sa kapahamakan at paggawa ng kasalanan at kasamaan.

## Pagsamba

### Lucas 1:80

Samantala, ang batà ay lumalaki at lumalakas ang kaniyang espiritu. At siya ay tumigil sa ílang hanggang sa araw na dapat siyáng mapakita sa Israel.






# Doktrina/Turo ng Simbahan



Sa ika-150 taon ng proklamasyon ni Blessed Pius IX noong Disyembre 8, 1870, bílang Patron ng Simbahang Katolika, nais kong ibahagi… ay sumidhi ngayong panahon ng pandemya na ang ating naranasan sa gitna ng krisis, kung paanong ang ating mga búhay ay magkakahabi at pinalalakas ng mga ordinaryong tao, mga táong karaniwan ay naisasantabi. Mga táong hindi lumalabas sa mga pahayagan o sa magasin o sa mga telebisyon ngunit mga humuhubog sa ating karanasan. Ang mga doktor, nars, tindero, mga tagalinis, mga pari, madre, mga *volunteer*, at iba pa.  Nauunawaan nila na hindi ka maililigtas kung nag-iisa ka. Iláng mga tao ang araw-araw ay nagbibigay ng tiyaga at pag-asa, iiingatang huwag magkaroon ng panic ang mga tao, sa halip ay ang pagiging responsable sa bawat isa. Iláng mga magulang ang pinababago ang pang-araw-araw na gawain at kilos ng mga anak at hinihimok siláng magdasal. Ilan ang nagdarasal at nagsasakripisyo para sa ikabubuti ng lahat. Makikita natin kay San Jose - ang táong hindi napapansin, tahimik, maingat, at tagông presensiya - isang tagapamagitan, suporta at gabay sa panahong ito ng kagipitan. Ipinapaalala ni San Jose na iyong tila hindi napapansin at tagô at parang anino lámang ay may magagawa upang tayo ay maligtas. Ang pasasalamat ay nararapat lámang sa kanila (PC*, Intro*).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang makilala ang pagiging madasalin at mapagkilatis ni San Jose
- Upang makita ang halaga ng dasal sa pagpili, pagdedesisyon, at paggawa ng mabuti

# Pagpapahalaga

Si San Jose ay isang táong madasalin at sa pamamagitan ng kaniyang panalangin ay kaniyang inuuri at kinikilatis ang kilos ng Diyos sa búhay niya. Sa pamamagitan ng dasal ay masasabi ng Diyos ang nais niya. Ang pagiging makilatis ay "timon ng birtud" o *Auriga virtutum* (Calloway, 2020 p. 47). Sa pamamagitan nito ay naiiwasan ni San Jose na makagawa ng labag sa kalooban ng Diyos. Nagagawa din niya, hindi ang kaniyang nais, kundi ang kalooban ng Diyos.

## Ang Pitóng Hapis at Pitóng Tuwa ni San Jose (Calloway, 2020, p. 158)

- Unang Hapis - Pinagpasyahan ni San Jose na tahimik na iwan si Maria (Mateo 1:19)
- Ikalawang Hapis - Ang karukhaan ng pagsilang ni Hesus (Lucas 2:7)
- Ikatlong Hapis - Ang pagsusunat/pagtutuli (Lucas 2:21)
- Ikaapat na Hapis - Ang propesiya ni Simeon (Lucas 2:34)
- Ikalimang Hapis - Ang pagtakas tungong Ehipto (Mateo 2:14)
- Ikaanim na Hapis - Ang pagbabalik mula sa Ehipto (Mateo 2:22)
- Ikapitóng Hapis - Ang pagkawala ng batàng si Hesus (Lucas 2:45)

- Unang Tuwa - Pagpapahayag kay San Jose (Mateo 1:20)
- Ikalawang Tuwa - Ang pagsilang kay Hesus (Lucas 2:1-11)
- Ikatlong Tuwa - Ang Banal na Ngalan ni Hesus (Mateo 1:25)
- Ikaapat na Tuwa - Ang biyaya ng pagliligtas (Lucas 2:38)
- Ikalimang Tuwa - Ang pagpapatapon ng mga idolo ng Ehipto (Isaias 9:1)
- Ikaanim na Tuwa - Búhay kasáma sina Hesus at Maria sa Nazareth (Lucas 2:39)
- Ikapitóng Tuwa - Ang paghahanap sa batàng si Hesus (Lucas 2:46)





## Moralidad

**Sa pagkilatis ay hindi maiiwasan ang sakripisyo, ang paghihirap na suungin maging ang panganib. Ang krus ni Kristo ang hulíng timbangan ng lahat ng tama at mabuting pagkilatis. Kung minsan, ang unang hadlang sa madasaling pagkilatis ay ang sarili - ang mga kinikilingang buktot, ang mga pagpapahalagang makasarili, at ang mga puwersang panlabas. Isang bunga ng maka-Diyos na pagkilatis ay ang kapayapaang matatamo pagkatapos ng lahat.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Sa iyong pagpapasya sa búhay, lagi mo ba itong idinadaan sa panalangin? Tinatanong mo ba si Hesus kung ano ang nasa kalooban niya? Sino ang nasusunod sa iyong pagpapasya? Bakit?

## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, maging si San Jose ay nakamasid sa iyong krus upang malaman ang iyong kalooban. Nawa ay huwag naming katakutan ang krus, bagkus makita namin na ito ang pinaghuhugutan namin ng lakas. Amen.

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Maunawaan ang kahalagahan ng ugnayan sa Diyos sa mga ginagawang pagpapasya

## Pagsasabúhay

Mayakap araw-araw ang krus ni Kristo na pinagmumulan ng at gabay sa mabuti at tamang pagpapasya

## Pagbabahagi

Maibahagi sa iba ang pagkakamali sa pasya upang matuto sila

ARALÍNG KATESISMO BLG. 19

# San Jose, May Banal na Tákot sa Diyos

## Panimula




Ang tákot ay nagmumula sa pagharap ng isang mas mababang nilalang sa isang may mas mataas na antas ng búhay. Ang tákot na nagmumula sa paggawa ng masama at kasalanan ay tákot na hindi matatakasan at maaring magmulto sa búhay ng tao habampanahon. Ngunit ang tákot na nagmumula sa paggawa ng mabuti at maka-Diyos ay naglalapít sa atin sa Maylikha. Isang uri ng malalim na pagkilala at paggalang sa Diyos ang tákot na ito at nagiging paraan ito ng Diyos upang matulungan táyo sa ating kahinaan, kakulangan, at kabiguan sa búhay.

## Pagsamba

### Mateo 16:21-23

Magmula noon ay ipinaalam na ni Hesus sa kaniyang mga alagad na kailangang pumunta siya sa Jerusalem at magbatá ng maraming hírap dahil sa kagagawan ng matatanda, ng mga punòng saserdote at eskriba, at siya'y ipapapatay ngunit mabubuhay na mag-uli sa ikatlong araw. Nang magkagayon ay nilapitan siya ni Pedro at pinagsabihan ng ganito, "Huwag nawang loobin ito ng Diyos, Panginoon! Hindi mangyayari ito sa iyo kailanman." Ngunit hinarap niya si Pedro na ang wika, "Umalis ka sa harap ko Satanas: hinahadlangan mo ako sapagkat hindi ang tungkol sa Diyos kundi ang nauukol sa mga tao ang iyong iniisip."

# Doktrina/Turo ng Simbahan

Natagpuan ni San Jose ang kaligayahan hindi lámang sa pagsasakripisyo (*self-sacrifice*) kundi sa pagbibigay ng sarili (*self-gift*). Nakikita natin sa kaniya ang tiwala, hindi ang kabiguan. Ang kaniyang katahimikan ay patungo sa kaniyang mga kilos na nagpapakita ng tiwala. Ang mundo natin ay nangangailangan ng ama, isang amang hindi mabagsik na inuutusan ang mga anak na gumawa ng ikasasama nila at may kapangyarihang umaalipin. Kapag lumaki na ang mga anak at parang walang silbi na ang ama, nakikita ng ama na may kakayahan na ang mga anak na tumayo nang mag-isa sa búhay. Kung ang bawat ama ay kagaya ni San Jose, alam niya na ang kaniyang anak ay hindi sa kaniya kundi ipinagkatiwala lámang sa kaniya (PC, 7).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang malaman ang kahalagahan ng banal na pagkatákot sa Diyos
- Upang mapalalim ang tiwala sa Diyos



# Pagpapahalaga

Sabi nila, kapag nakainom ng alak ang tao, siya ay tumatapang. Ngunit ito ay hiram na lakas lámang. Hindi ito tunay na lakas dahil bunga ito ng bugso ng damdamin, hindi malaya at karaniwan ay nakapaninira.

Si San Jose ay may katapangang nagmumula sa banal na pagkatákot sa Diyos. Ang "*courage*" sa Ingles ay mula sa salitang "*cour*" na ang ibig sabihin ay puso. Ang totoong matapang at walang kinatatakutan ay ang umiibig sa kabutihan, higit sa tákot, kasamaan, at pagdurusa. Ang katapangan ni San Jose ay makikita sa kaniyang misyon sa búhay - mula nang hinarap niya ang pagiging ama niya hanggang sa dulo ng búhay niya.

## Moralidad

**Nasa ubod ng banal na takot sa Diyos ang paggalang. Kung ang tao ay gumagalang sa Diyos, pagsisikapan niyang gawin at isabúhay kahit na ang Sampung Utos man lámang. Ang pananatili ng banal na tákot sa Diyos sa bawat tao ay napakahalaga upang hindi magmistulang "diyos" ang tao – mapagmalaki, mayabang, at higit sa lahat, makagagawa ng kaniyang ikasisira.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Naranasan mo na bang ikaw ay maduwag dahil sa dami ng iyong problema? Paano mo ito hinarap? Saan ka higit na natatakot, sa magulang mo o sa Diyos? Bakit?

## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, kung sa aming sarili lámang ay manghihina at maduduwag kami sa dami ng kasamaan sa mundo at laki ng aming responsibilidad. Hinihiling naming maturuan nawa kami ni San Jose na maging matapang sa pagharap sa mundo. Amen.

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Maunawaan ang pananatili ng paggalang sa Diyos

## Pagsasabúhay

Maialay sa Diyos ang lahat ng pangamba at tákot sa búhay

## Pagbabahagi

Maibahagi ang mga biyayang natanggap sa kabila ng mga pangamba sa búhay

ARALÍNG KATESISMO BLG. 20

# Masunuring San Jose

## Panimula

Ang pagiging masunurin ay pagpapakita ng paggalang at pagmamahal sa táong sinusunod. Nagiging madali ang pagsunod kung malinaw kung ano o sino ang susundin, bakit susundin, paano susundin, at kailan susundin. Pumapasok din ang kakayahan o limitasyon ng táong sumusunod. Ngunit may mga tuntunin ang búhay na dapat sundin. Kapag ang utos ng Diyos ang nakalahad, kailangan itong sundin ngunit dapat malaya ang táong sumusunod. Ito rin ay para sa kaniyang paglago.



## Pagsamba

### Jonas 1:1-3

Ang salita ng Panginoon ay dumating kay Jonas, anak ni Amitai, na ganito ang nakasaad: Tumindig ka at pumaroon sa Nineveh, ang malaking lungsod, at mangaral doon sapagkat umábot na sa akin ang kanilang kasamaan. Ngunit tumindig si Jonas upang pumaroon sa Tarsis, malayò sa Panginoon. Napaibaba siya sa Jope at dito ay nakatagpo ng isang sasakyang dagat na patungong Tarsis. Pagkabayad niya'y lumulan upang maglakbay na kasáma ng mga iyon patungong Tarsis, nang mapalayo sa Panginoon.

# Doktrina/Turo ng Simbahan

Sa bawat yugto ng búhay ni Hesus kasama si San Jose, ipinahayag ni San Jose ang kaniyang sariling "*fiat*" o pag-oo gaya ng ginawa ni Maria sa pagpapahayag ng anghel sa kaniya at sa pag-oo ni Hesus sa halamanan ng Gethsemane. Sa kaniyang pagiging punò ng mag-anak, tinuruan ni San Jose si Hesus na maging masunurin sa kaniyang mga magulang ayon sa utos ng Diyos. Sa mga tagông panahon ni Hesus sa Nazareth, natutuhan niya sa pagtuturo ni San Jose na gawin at sundin ang kalooban ng Ama.

Ipinahahayag dito na si San Jose ay tinawag ng Diyos na pagsilbihan ang persona at misyon ni Hesus sa pamamagitan ng pagiging ama at sa ganitong paraan ay magiging kaisa siya sa kaligtasan ng mundo (PC, 3).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang makita ang kahalagahan ng pagsunod sa kalooban ng Diyos
- Upang mapasalamatan si San Jose na mabuting halimbawa ng pagiging masunurin

# Pagpapahalaga

Ang tiwala ay kailangan para ang isang tao ay sumunod. Ang tiwala ay nagmumula sa pagmamahal sa nagbibigay ng utos kaya't ang pagtalima ay hindi lámang oo o hindi kundi buong puso – malaya at hindi napipilitan. Hindi ka magdududa sa pagiging masunurin ni San Jose dahil sinunod niya ang kaniyang puso. Sinunod niya ang Diyos na unang nagmahal sa kaniya.

Kung minsan, sa pagsunod ay hindi malinaw ang lahat. Mas marami ang tanong kaysa sagot. Susunod ako dahil mahal kita at mahal mo ako. Sapat na iyon.

## Moralidad

**Tao si San Jose. Maari siyáng magkamali sa kaniyang kilos at pagpapasya. Ngunit kapag ang Diyos ang nakipag-usap sa kaniya, alam niyang hindi siya magkakamali bagamat mahihirapan siya kung minsan. Sa ating ordinaryong búhay, kung minsan, ayaw nating magkamali sa pagsunod. Ngunit kailangang tanggapin na bahagi ang pagkakamali, honest mistake. Ang nakakatakot ay kung ayaw mo nang kumilos at magpasya dahil ayaw mong magkamali. Kung magkamali ka man, ang mahalaga ay sinubukan mong sumunod sa ábot ng iyong pagkatao at ginawa ang pinakamabuti.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Madali bang sundin ang isang utos o patakaran kapag mahirap gawin? Paano kung makabubuti ito kahit mahirap gawin, susundin mo pa rin ba? Bakit?

## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, hinihiling naming nawa ay talikdan namin ang masama at kasalanan at aming sundin ang iyong kalooban sa mundong ito. Amen.





# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Magkaroon ng kaalaman sa kahalagahan ng pagsunod sa Diyos

## Pagsasabúhay

Masunod ang Diyos nang buong puso, kaluluwa, at isip

## Pagbabahagi

Malaman ang karanasan ng iba sa kanilang pagsunod sa utos ng Diyos lalo na sa panahon ng pagdududa



ARALÍNG KATESISMO BLG. 21

# Matapat na San Jose

## Panimula

Sa Banal na Pagsasanay ni San Ignacio ng Loyola, sa unang linggo ng pagninilay ay binibigyang-diin niyang ang Diyos ang unang nagmahal sa tao. Laging ang unang kilos ay mula sa Diyos kaya't ang pagiging matapat ay sukli at tugon ng tao sa katapatan ng Diyos. Natututo ang tao ng mabubuting bagay sa Diyos dahil ang Diyos ang unang guro. Sa kaniyang kagandahang-loob ay buhay ang lahat - may kagandahan, kabanalan, at kabutihan.

## Pagsamba

### Marcos 1:1-5

Gaya ng nakasulat sa Propeta Isaias, "Masdan mo, ipinauuna ko sa iyo ang aking sugo upang ihanda ang daraanan mo. May isang tinig na sumisigaw sa ílang: 'Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, patagin ninyo ang kaniyang landas.' Dumating si Juan Bautista sa ílang na nangangaral ng tungkol sa binyag ng pagsisisi na ikapagpapatawad ng mga kasalanan. Dinumog siya ng buong Judea at lahat ng mga taga-Jerusalem at sila'y nagpabinyag sa kaniya sa Ilog ng Jordan na nagpahayag ng kanilang kasalanan."





# Doktrina/Turo ng Simbahan

Tinanggap ni San Jose si Maria nang walang kondisyon. Sa ganitong kilos ni San Jose ay hinihikayat niya tayong tanggapin nang buong puso ang ating kapuwa - sinoman siya at magbigay ng espesyal na atensiyon sa mahihina dahil pinipili ng Diyos ang mahihina. Ang Diyos ang Ama ng mga ulila at balo (PC, 4, par 1 at 9). Ang katapatan ng Diyos ay kitàng-kità sa kaniyang pag-aaruga lalo na sa mahihina. Ang katapatan ni San Jose ay kitàng-kità sa kaniyang walang-hating atensiyon at pagmamahal kay Maria at kay Hesus.

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang ang kahalagahan ng katapatan sa búhay ng tao ay mabigyang-pansin
- Upang ang halimbawa ni San Jose sa pagiging matapat ay matularan

# Pagpapahalaga

Ang katapatan ni San Jose ay kitàng-kità maski noong hindi pa ipinanganganak si Hesus. Maaaring pangahasang isipin na ang katapatan ay isang mukha ng kaniyang pagkatao – sa kaniyang mga gawain, sa pag-aaruga, sa pagtayô bílang ama ni Hesus sa lupa, kay Maria bílang kaniyang tapat na kabiyak, at sa Diyos bílang saksi sa katapatan.



# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Kapag dumarating ang malaking pagsubok, madali ba o mahirap maging tapat sa asawa, kapuwa, at sa Diyos? Bakit? Paano ka nagpapakita ng katapatan sa kanila?

## Panalangin

Minamahal kong Panginoong Hesukristo, hinihiling naming nawa ay talikdan namin ang masama at kasalanan at aming sundin ang iyong kalooban sa mundong ito. Amen.

## Moralidad

**Ang pagiging matapat sa Diyos sa pamamagitan ng patúloy na pagsisimba at pananalangin at pagtulong sa kapuwa kahit parang mahirap, ay kahanga-hangang gawain. Ipakita ang katapatan sa kapuwa lalo na kapag siya'y walang-wala, salát, maysakít, at may pinagdaraanang problema.**

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Magkaroon ng pagpapalalim sa pagiging matapat sa búhay-pananampalataya

## Pagsasabúhay

Maging buháy na saksi sa katapatan ng Diyos sa pamamagitan ng pang-araw araw na pamumuhay




## Pagbabahagi

Makita sa ibang karanasan ang buháy na katapatan sa kabila ng kahirapan

# San Jose, Salamin ng Pasensiya

## Panimula

Ang isang biyaya na siyáng nagtuturo sa atin na hindi magmadali at madaliin ang maraming bagay sa ating búhay ay ang pasensiya. Ang salitang kaugnay nito ay dahan-dahan, ayon sa kumpas at kilos, sa kaniya-kaniyang galing at kakayahan, sa tamang panahon, kapag nahinog na at sa panahon ng Diyos. Si San Jose ay isang táong sa laki ng kaniyang pasensiyang natanggap sa Diyos ay hindi minamadali ang maraming bagay. Marami siyáng hindi nauunawaan, malabo-malinaw na karanasan, tiyak-di tiyak na nararamdaman. Ngunit ang Diyos ay napakabuti dahil sa kaniyang dakilang pamamaraan ay malayang nakapagpasya si San Jose sa kaniyang pagiging ama ni Hesus sa lupa.

## Pagsamba

### Genesis 40:8

Sumagot sila sa kaniya, “kami ay kapuwa nanaginip at walang makapagpaliwanag sa amin.” Sinabi ni Jose sa kanila, “Hindi ba sa Diyos ang pagpapaliwanag? Isalaysay ninyo sa akin ang mga iyan.”






# Doktrina/Turo ng Simbahan

Karaniwan sa ating búhay ay may mga bagay na hindi natin maunawaan. Ang unang tugon natin ay pagkabigo at pagtanggi. Isinantabi ni San Jose ang kaniyang sariling iniisip upang matanggap ang mga pangyayari, gaano man kahiwaga, at yakapin ang mga ito, angkinin, maging responsable sa mga ito at maging bahagi ng kaniyang karanasan. Hangga't hindi natin natatanggap ang kasaysayan ng búhay natin, hindi tayo makahahakbang pasulong sa búhay at mananatili táyong bilanggo ng nakaraan at kabiguan ang susundan (PC, 4, tal 2).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang ang salamin ng pagiging mapagpasensiya ay makita sa atin
- Upang makita ang espiritwalidad ni San Jose na punô ng pasensiya sa kaniyang karanasan bílang ama ni Hesus

# Pagpapahalaga

Kakambal ng pasensiya ang hinahon at tiyaga sa sarili. Ito ay larawan ng isang mapayapang kalooban. Si San Jose ay pinagpala sa pasensiya. Kahit alam niyang si Hesus ay Diyos, batid niyang dapat ding hubugin at turuan si Hesus gaya ng ibang batàng lumalaki na nangangailangan ng aruga at patnubay ng mga magulang.



## Moralidad

**Isang salamin ng pasensiya ang paghingi ng tawad sa mga nagawang kasalanan at pagpapatawad sa iba. Sa pagpapatawad ay maaaninag ang mukha ng Diyos na punô ng awa at pagmamahal sa mga táong bumabalik sa kaniya. Ang pag-amin ng kasalanan ay hindi karuwagan. Lalo táyong nagiging tao kapag mapagpakumbaba nating kinikilala sa harap ng Diyos at tao na tayo ay mahina at marupok din na nangangailangan ng pasensiya at kapatawaran ng Diyos at ng ating kapuwa.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Naranasan mo na bang mawalan ng tiyaga at pasensiya? Ano ang nangyari? Paano mo ito hinarap?

## Panalangin

Minamahal kong Hesus, bagamat ikaw ang Panginoon ng sangnilikha ay pinili mong isilang na maging dukha. Patuloy mo sana kaming turuan sa aming pagiging dukha sa espiritu na sa iyo lámang umaasa. Amen.

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Makilala sa pang-araw araw na búhay ang biyaya ng pagpapapasensiya

## Pagsasabúhay

Mapalakas ang biyaya ng pasensiya sa pakikipagkapuwa-tao

## Pagbabahagi

Maibahagi sa iba ang mga panahon ng pagtanggap ng biyaya ng pasensiya buhat sa Diyos

ARALÍNG KATESISMO BLG. 23

# Maibigín sa Karukhaan

## Panimula

Ang dukha ay mukha ng Diyos sa lupa. Wala siláng maipagmamalaki, walang ari-arian, walang pangalan, walang-wala sa lipunan. Ngunit ang ating Simbahan ay kinakalinga sila, binibigyan ng pangalan, iniaangat ang kalunos-lunos nilang kalagayan, at ipinagtatanggol ang kanilang mga karapatan. May mga bagay sa búhay ni San Jose na ipinakita niya ang kaniyang pag-ibig sa karukhaan. Marami siyáng maaaring gawin para sana hindi ito mangyari ngunit isang malaking biyaya ang pag-ibig sa karukhaan.

## Pagsamba

### Lucas 6: 20-23

“Mapalad kayong mga dukha sapagkat inyo ang kaharian ng Diyos. Mapalad kayong nagugutom sapagkat kayo ay mabubusog. Mapapalad kayong nagsisitangis ngayon sapagkat kayo ay magagalak. Mapapalad kayo kung kinapopootan kayo ng tao, kung ipagtatabuyan kayo at aalimurain, at kung itatakwil ang inyong pangalan na waring masama nang dahil sa Anak ng Tao. Magalak kayo sa araw na iyon at magsaya sapagkat magiging malaki ang inyong gantimpala sa langit; sapagkat ganito rin ang inasal ng kanilang mga magulang sa mga propeta.”





# Doktrina/Turo ng Simbahan

Ang Simbahan ay may pilîng pagtatangi para sa mga dukha. Ito ay pagsunod kay Kristo na nangangailangan ng mabilis na pagtugon sa ating bayan kung saan ang malaking bahagi ng ating mga mamamayan ay nakalublob sa kahabag-habag na karalitaan at pagdurusa, habang iginagawad naman sa mayayaman at makakapangyarihan ang napakalaking panlipunang pribilehiyo at paggalang (KPK, 1187).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang ang pagtatangi sa mga dukha ay mapahalagahan
- Upang makita ang sariling karukhaan sa harap ng Diyos at makapagpasalamat sa Kaniyang pagtatangi

# Pagpapahalaga

Mayaman ang búhay kahit salat sa materyal na bagay kung nakakapit sa Diyos na pinanggagalingan ng lahat. Itinaguyod ni San Jose ang Banal na Mag-anak kahit halos sagad sa yaman. Ang landas ng kayamanan ay isang pagpipilian ngunit pinili ni Jose ang mahirap na daan ng karukhaan sa kaniyang pagpapalaki kay Hesus. Sa Banal na Pagsasanay ni San Ignacio, may malayang pagbibitaw ng espiritu (*spiritual indifference*). Hindi mahalaga kung mahirap ka o mayaman. Sa parehong kalagayan, kung ikaw ay malaya at handang bitawan ang lahat (*detached*), sa ganitong kalagayan ay maaari kang magpuri sa Diyos.

Payak ang pamumuhay at hindi mayaman si San Jose. Isa siyáng karpintero. Sana, hiningi na lámang niya kay Hesus na paulanin ng pera/kayamanan at pagkain para hindi na sila mahirapan lalo na sa pagtakas sa Ehipto, pagsilang ni Hesus sa sabsaban, at iba pang pangyayari. Pero sa kalooban ni San Jose, alam niyang may magandang bunga at kahihinatnan ang tiyaga, pasensiya, sakripisyo, at karukhaan.

## Moralidad

**Mas mabuting manatiling dukha sa espiritu kaysa mayaman sa materyal na bagay ngunit dukha naman sa mata ng Diyos at tao. Sa ikot/siklo ng búhay, naroroon ang kahinaan na magkamal ng makalupang pag-aari ang tao. Walang katapusang pagpapayaman, pagkakamal, at pagpapataas. Ito ay maaring nag-uugat sa puso ng tao na may balóng malalim na tila kahungkagang dala ng kalungkutan, kabiguan, at kawalan ng tiwala sa Diyos.**

**Kung maraming bagay ang wala sa isang tao – walang pinag-aralan o walang maipagmamalaki, ang pasensiya sa kalagayan niya ay magiging tungkod niya sa araw-araw at ang biyaya ng Diyos na siksik, liglig, at umaapaw ang kaniyang magiging bukal sa búhay.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Ano ang itinuturing mong pinakamahalagang ari-arian (*most valuable asset*) mo sa búhay? Bakit? Kaya mo bang mabúhay nang wala ito? Ipaliwanag.

## Panalangin

Minamahal kong Hesus, salamat at pinili mong maging dukha kagaya namin. Nawa ay patuloy mo kaming samahan sa aming paglalakbay sa lupa tungo sa kaganapan ng búhay. Amen.





# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Maunawaan ang mga biyaya ng karukhaan

## Pagsasabúhay

Mayakap ang kapuwa-tao lalo na ang mga dukha at ipagkaloob ang nararapat sa kanila gaya ng paggalang, pagmamahal, at pagkalinga

## Pagbabahagi

Makaranas din ng ibang uri ng búhay lalo na't sa kabila ng karukhaan ay naroon ang Diyos



## ARALÍNG KATESISMO BLG. 24

# Huwaran ng Manggagawa

## Panimula

Ang paggawa ay nagdudulot ng ibayong kabutihan. Dito nakakakuha ng pagkain at pansuporta sa ikabubúhay ng pamilya. Dito nakasalalay ang pagkagutom o kabusugan ng mag-anak. Sa kaniyang paggawa, si San Jose ay nagturo kay Hesus kung paano mamuhay bílang isang manggagawa. Hindi maiiwasan ang masugatan, magkakalyo ang kamay, mapukpok, mabagsakan, at mapagod sa búhay ang isang manggagawa. Ang lahat ng itinuro ni San Jose kay Hesus ay iningatan niya sa kaniyang puso.





## Pagsamba

### Mateo 7:16-20

Sa kanilang mga bunga ay makikilala ninyo sila. Nakapipitas ba ng ubas sa mga tinikan o ng igos sa mga dawagan? Kaya nga ang lahat ng mabuting punòngkahoy ay nagbubunga ng mabuti samantalang ang masamang punòngkahoy ay nagbubunga ng masama. Ang isang mabuting punòngkahoy ay hindi maaaring magbunga ng masama at ang masamang punòngkahoy ay hindi maaring magbunga ng mabuti. Ang lahat ng punòngkahoy na hindi nagbubunga ng mabuti ay puputulin at ihahagis sa apoy. Kaya't sa kanilang mga bunga ay makikilala ninyo sila.

# Doktrina/Turo ng Simbahan

- Si San Jose, bagamat nanggaling sa maharlikang angkan, ay ikinasal sa pinakabanal na babae, ang Mahal na Birheng Maria. Bílang ama ng Anak ng Diyos ay itinaguyod niya sa paggawa ang kaniyang pamilya. Hind ikinahihiya at hindi nakahihiya ang búhay ng isang manggagawa at ng isang mababa bagkus ay maaari itong maging isang birtud (QP, 4).

- Ang paggawa ay ang pang-araw-araw na pagpapahayag ng pagmamahal. Si San Jose ay karpintero at si Hesus ay anak ng karpintero. Sa paggawa bílang karpintero kasáma ni Hesus, ang paggawa ay naging bahagi ng misteryo ng kaligtasan (RC, 22).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang maparangalan ang dignidad ng paggawa

- Upang mapasalamatan si San Jose sa kaniyang pagiging banal na manggagawa

# Pagpapahalaga



May dignidad at karangalan ang sinomang manggagawa. Sa paggawa ay naipakikita ng tao na ang kaniyang galíng ay buhat sa Diyos. Si San Jose ay isang matiyagang manggagawa. Tinuruan niya si Hesus kung paano ang gawain at ano ang halaga ng isang karpintero. Nang si Hesus ay magkatawang-tao, itinaas niya ang abang kalagayan ng mga manggagawa sa pamamagitan ng pagiging isang manggagawa at anak ng manggagawa. Sa pagtuturo ni San Jose kay Hesus, ipinakita niya ang tiyaga, pagod, hírap, pasensiya, at bunga ng paggawa. *Ite ad Ioseph* – pumunta kayo kay Jose. Kung nais nating malaman kung paano gumawa si Hesus, malalaman natin sa pamamagitan ni San Jose.

## Moralidad

**Ang búhay na matuwid at tapat ay isang búhay na maligaya at ganap. Ang paggawa ay hindi lámang nakatuon para maisalba ang pamilya sa araw araw. Kailangang ingatan din ang uri ng paggawa. Isaisip ng manggagawa ang paggalang sa karapatan ng kapuwa-manggagawa, unawain ang kanilang kalagayan, at tumulong sa mga higit na nangangailangan. Ingatan at maging mapagmasid sa tukso ng biglang-yaman at biglang-kapangyarihan. Baka ang kapalit ay ang búhay, at sa ibang tao, ang kanilang pananampalataya. Ang halimbawa ni Hesus at ni San Jose bílang manggagawa ay paalaala ng dignidad na nararapat sa isang manggagawa.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Ibinubuhos mo ba ang iyong buong pagkatao kapag ikaw ay gumagawa? Masaya ka ba sa resulta ng iyong paggawa? Ano-ano ang mga tuksong iyong kinahaharap? Paano mo napagtatagumpayan ang mga ito?

## Panalangin

Minamahal kong Hesus, lipak din ang iyong kamay, basâ rin ng pawis ang iyong katawan, at maaring nasusugatan at namamaga rin ang iyong kalamnan sa paggawa gaya ng iyong amang si San Jose. Sana ay maturuan mo kaming mahalin ang anomang gawaing ipinagkatiwala sa amin. Amen.






# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Maunawaan ang búhay-paggawa

## Pagsasabúhay

Mapasalamatan ang Diyos sa biyaya ng búhay na laan sa paggawa

## Pagbabahagi

Maibahagi sa iba ang mga karanasan bílang manggagawang nagsusumikap isabúhay ang Ebanghelyo



ARALÍNG KATESISMO BLG. 25

# Luwalhati ng Sambahayan

## Panimula



Sa loob ng isang pamilya, hindi maaaring sa pamamagitan ng isang tao lámang – ama, ina o anak – ito maipagmalaki. Ang karangalan ng bawat miyembro ng pamilya ay karangalan din ng buong pamilya. Si San Jose bílang ama ng Banal na Mag-anak ay luwalhati ng kaniyang pamamahay at maaaring isang mukha rin at luwalhati ng lahat ng pamilya. Ang pinaghuhugutan ng kabanalan ng Banal na Mag-anak ay si Hesus na anak ng Diyos. Puspos ng biyaya sina Maria at Jose sa pagiging magulang ni Hesus.

## Pagsamba

### Efeso 6:1-5



Mga anak, sumunod kayo sa inyong mga magulang alang-alang sa Panginoon; ito'y matuwid. Igalang mo ang iyong ama at ina - ito ang unang utos na may pangako - upang mapabuti ka at humaba ang iyong búhay sa lupa. Kayo naman, mga ama, huwag ninyong ibuyo sa kagalitan ang inyong mga anak, sa halip ay palakihin sila ayon sa turo at aral ng Panginoon.

# Doktrina/Turo ng Simbahan

Sa pagganap natin ng bawat tungkulin bílang ama, lagi nating isaisip na hindi ito usapin ng pag-angkin kundi isang tanda na patungo sa isang mas mataas na antas ng pagiging ama. Para táyong si San Jose, isang anino ng Ama sa Langit, na pinasisikat ang araw sa mabuti at sa masama at pinapapatak ang ulan sa makatarungan at hindi, isang anino na sinusundan ang kaniyang Anak (PC, 7).



# Tugon ng Mananampalataya

- Upang makilalang ang pagiging ama ng mga ama ay hindi lámang sa pagbibigay ng pangangailangan ng mag-anak kundi sa pag-agapay sa kanila sa paglalakbay patungo sa Diyos

- Upang makita ang kahalagahan ng búhay-ama ni San Jose na dinadala ang pamilya sa higit na kabanalan

# Pagpapahalaga

Maraming yugto sa búhay natin ang hindi nasusulat o wala man lámang nakaaalaala, maliban sa iláng tao. Ito ang "tagông panahon" (*hidden period of existence*) sa paglaki ng tao – kung paano siya hinubog ng pamilya at ng Diyos. Mahal na mahal ni San Jose ang Banal na Mag-anak. Sa mga pangyayari sa búhay ni Hesus na hindi nakatalâ sa Bibliya ay saksi sina Maria at Jose. Hindi natin ito kailanman malalaman dahil ito ay nakasulat sa puso nina Maria at Jose – tagô –ngunit naroon ang Diyos sa bawat sandali.

## Moralidad

**Kagaya ng Banal na Mag-anak, ang Diyos ang patnubay ng bawat pamilya. Pinababanal, pinalalakas, hinuhubog, pinatatatag, niyayakap, hinahalikan tayo ng presensiya ng Diyos. Kilalanin ng bawat pamilya ang banal na presensiya ng Diyos at ito ang magiging gabay at lakas nila sa panahon ng tukso, kahirapan, pang-aapi, sakít at maging sa kamatayan. Mahal ng Diyos ang bawat pamilya. Hindi niya ito kailanman pababayaan.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Ano ang pinakamagandang katangian ng iyong pamilya? Bakit? Nararanasan mo ba ang presensiya ng Diyos sa iyong pamilya? Paano?

## Panalangin

Minamahal kong Hesus, kahanga-hanga ang pagmamahal ni San Jose sa Banal na Mag-anak. Matularan nawa namin siya sa kaniyang buong pusong pag-ibig sa kaniyang sambahayan. Amen.



# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Malaman ang banal na kalooban ng Diyos sa bawat pamilya sa pamamagitan ng punò, ang ama

## Pagsasabúhay

Mapasalamatan ang Diyos sa biyaya ng pamilya gaano man kahirap ang pinagdaraanan

## Pagbabahagi

Marinig sa ibang pamilya ang pagsusumikap ng kanilang mga magulang na ilapít sa Diyos ang mga minamahal sa búhay



ARALÍNG KATESISMO BLG. 26

# Takbúhan ng mga Nahihirapan

## Panimula




Kapag nakararanas ng matinding hírap at pagdarahop ang tao, ginagawa niya ang lahat para mabúhay lámang. Ito ay dahil pumapatay ang kahirapan. Kumikitil ito hindi lámang ng katawan kundi pati ng pangarap, kinabukasan, pananampalataya, at pag-ibig. Tumatakbo ang mga nahihirapan kay San Jose dahil may nakikita siláng bitak na may sinag ng liwanag sa gitna ng dilim ng kahirapan. Lahat ng namimintuho at tumatakbo kay San Jose ay hindi niya binibigo kagaya ng kaniyang pagtupad sa kalooban ng Ama sa Langit na siya ay maging ama ni Hesus sa lupa.

## Pagsamba

### Lucas 7:2-10

Doon ay may isang senturyon na ang alilang minamahal ay maysakít at malubha ang karamdaman. Nang mabalitaan nila ang tungkol kay Hesus, siya ay nagsugo ng iláng matatanda sa mga Hudyo upang paroonan at pagalingin ang kaniyang alila. Pagdating nila kay Hesus ay nakiusap sila. Nararapat na gawin mo ito sa kaniya sapagkat mahal niya ang ating bansa at ipinagpatayo pa tayo ng isang sinagoga.

At si Hesus ay sumama sa kanila ngunit nang malápit na sila sa bahay ng senturyon ay nag-utos ng iláng kaibigan upang sabihin sa kaniya, “Panginoon, huwag ka nang magpakapagod sapagkat ako’y hindi karapat-dapat na ikaw ay pumasok sa ilalim ng aking bubungan. Dahil dito ay hindi ko rin inaakalang ako’y karapat-dapat na lumápit sa iyo, datapwat magsalita ka lámang ay gagaling na ang aking alila.”

# Doktrina/Turo ng Simbahan

- Mga Kawanggawang Pangkatawan – pakainin ang mga nagugutom, painumin ang mga nauuhaw, damtan ang mga walang maisuot, patuluyin ang mga walang masilungan, dalawin ang mga bilanggo, dalawin ang mga maysakít, ilibing ang mga namatay (KPK, 972)

- Kawanggang Pangkaluluwa – turuan ang mga mangmang, balaan ang mga makasalanan, pagpayuhan ang mga naguguluhan ang isip, aliwin ang mga tumatangis, pagtiisan ang mga pagkakamali, patawarin ang lahat ng pamiminsala, ipanalangin ang mga nangabubúhay at nangamatay (KPK, 975)


# Tugon ng Mananampalataya

- Upang makilala si San Jose na maaring maging takbúhan ng sinomang nahihirapan sa búhay

- Upang mapalapít sa Diyos na bukal ng pag-asa

# Pagpapahalaga

Ang makaranas ng hírap sa kaluluwa, kabúhayan, relasyon at iba pa ay laging hindi maganda. Nakapipiga ito ng pag-ibig, pananampalataya, at pag-asa. Sa kabila ng hírap ay may biyaya – ang katatagan, ang pagkapit sa Diyos, ang pagsusumbong sa Diyos, ang pagluha sa harap ng Diyos, ang pagtiklop ng tuhod at ng buong pagkatao at kaluluwa. Si San Jose ay kanlungan ng mga nahihirapan. Siya ay ama na handang makinig at tumulong sa atin. Alalahaning anak niya si Hesus.



## Moralidad

**Kailanman ay hindi ka magkakamali kung magiging maawain ka sa iyong kapuwa lalo na sa mga kapos-palad at aba ang kalagayan sa lipunan at walang maipagmamalaki. Kailanman, hindi nagkamali ang Diyos sa kaniyang pagiging maawain sa lahat. Kung sa tingin mo ay may panloloko ang mga humihingi ng tulong sa iyo, ipagpasa-Diyos mo na lámang. Nawa ay makatulong sa kanila ang ibinigay mong tulong.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Ano ang pinakamahirap na naranasan mo sa búhay na parang bibitaw ka na at pakiramdam mo'y mamamatay ka na? Paano mo ito nakayanan? Bakit?

## Panalangin

Minamahal kong Hesus, salamat at may matatakbuhan kami kapag nahihirapan kami sa búhay. Nawa ay patuloy mong ituro sa amin ang tamang landas sa pamamagitan ni San Jose. Amen.



# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Malaman ang búhay ng nahihirapan at kung paano siya matutulungan

## Pagsasabúhay

Magkaroon ng pusong handang tumulong sa mga kapos-palad

## Pagbabahagi

Maibahagi sa mga nahihirapan sa búhay ang kaunting kaalaman, yaman, at suporta




ARALÍNG KATESISMO BLG. 27

# Pag-asa ng Maysakít

## Panimula

Ang pag-asa ay ang pagkapit sa pangako ng Diyos na ang Kaniyang pag-ibig ay walang hanggan. Ang paniniwala at pagkapit kay San Jose bílang pag-asa ng maysakít ay pagsasabúhay sa pananampalatayang sa Diyos nagmumula ang lahat ng mabuti. Isang malaking biyaya ang magbigay ng pag-asa lalo na sa iginupo ng karamdaman dahil nagbibigay ito ng ibayong lakas na makatutulong sa kanilang paggaling at pagpapataas ng moral.





## Pagsamba

### Marcos 5:25-30

Noon ay may isang babae na labindalawang taon nang inaagasan.Siya ay ginamot na ng maraming manggagamot at nagugol na niya ang lahat ng kaniyang pag-aari ngunit hindi pa rin siya gumagaling bagkus ay naging malubha pa. Nang mabalitaan niya ang tungkol kay Hesus ay lumapit siya sa likuran nito sa gitna ng maraming tao at hinipo niya ang balabal nito. Sapagkat sinabi niya, "Mahipo ko lámang ang kaniyang damit ay gagaling na ako." Biglang naampat ang pag-agas ng kaniyang dugo at naramdamang gumaling na ang kaniyang sakít.

# Doktrina/Turo ng Simbahan

Sa patuloy na proteksiyon ni San Jose sa Simbahan, walang-tigil ang kaniyang pangangalaga kay Hesus at sa ina nitong si Maria. Si San Jose ay tagapagbantay ng Simbahan sapagkat ang Simbahan ang pagpapatúloy ng Katawan ni Kristo sa kasaysayan. Sinabi ni Hesus na kung anoman ang ginawa mo sa pinakamaliit mong kapatid ay ginawa mo sa akin (Mateo 25:40). Ganoon din, ang bawat dukha, nangangailangan, naghihirap at nag-aagaw-búhay, bawat isang dayuhan, bilanggo at maysakít ay isang anak na pinangangalagaan ni San Jose (PC, 5).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang mapasalamatan ang Diyos sa pagpili niya kay San Jose bílang pag-asa ng mga may karamdaman
- Upang magkaroon ng debosyon kay San Jose para ipanalangin ang mga maysakít

# Makataong Pagpapahalaga

Isang malaki at mabigat na pasánin sa búhay ang maigupo ng karamdaman. Nakapanghihina, nakauubos ng naipong pera, at nakapapagod ang walang katapusang pagpapagamot. Pag-asa ang kinakapitan at hinahanap ng táong maysakít. Pag-asa ang nagbibigay ng lunas at nagpapalaya sa tao mula sa kaniyang nakaaawang kalagayan. Sa katauhan ni San Jose, hindi niya binibigo ang maysakít. Sa kasaysayan ng kaligtasan, ang isang sakít ng lipunan noon ay dulot ng kasamaan at kasalanan ng tao. Bílang ama ni Hesus sa lupa, ginamit ng Diyos si San Jose upang magbigay ng pag-asa sa pamamagitan ng pag-aaruga at paghubog sa kaniyang anak. Sa pamamagitan nito ay nagiging lunas ang kaniyang pagpapalaki kay Hesus sapagkat si Hesus ay ang kaligtasan ng mundo.

## Moralidad

**Minsan, kapag matagal nang maysakít at hapo na sa paghahanap ng lunas ay ibig na nating bumigay, kunin ang sariling búhay o sumuko na hanggang mamatay. Nakalilimutan natin na ang búhay natin ay pahiram lámang at tanging ang Diyos lámang ang puwedeng bumawi nito. Habang may búhay, may pag-asa. Habang humihinga pa ay ipaglaban ang búhay. Huwag sumuko.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Nagkaroon ka na ba o ang iyong mahal sa búhay ng malubhang sakít? Paano mo ito hinarap? Bakit?

## Panalangin

Minamahal kong Hesus, salamat at may matatakbuhan kami kapag kami ay may karamdaman. Hinihiling naming mapalapít pa kami kay San Jose upang matulungan niya kami sa aming búhay. Amen.

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Malaman na may takbúhan ang nawawalan ng pag-asa

## Pagsasabúhay

Maging búhay na saksi na totoong may pag-asa at ang pamimintuho kay San Jose ay malaki ang maitutulong

## Pagbabahagi

Maibahagi ang pag-asa ng mga gumaling na buhat sa sakít



## ARALÍNG KATESISMO BLG. 28

# Patron ng Nag-aagaw-búhay

## Panimula

Nais natin na kapag nagawa na natin ang lahat, lalo na ang mga mabuti sa mundong ito, ay gantimpalaan táyo ng Diyos ng isang payapang kamatayan. Sana nga. Ngunit hindi sa atin ang pagpapasya. Kung minsan, may mga nag-aagaw-búhay na dumaraan sa matinding hírap lalo na ang mga matagal nang malayô sa Diyos at sa Simbahan, ang mga hindi nakapagsisimba, hindi nakapagkumpisal o hindi nakahingi ng tawad. Sa mga pagkakataong ito, ang paghingi ng tulong kay San Jose para sa isang payapang kamatayan ay isang kilos ng pagmamakaawa sa Diyos sa pamamagitan ng isang banal.

## Pagsamba

### Juan 3:16-18

Oo, gayon na lámang ang pag-ibig ng Diyos sa daigdig kaya ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak upang ang lahat ng sumampalataya sa kaniya ay huwag mapahamak bagkus magkamit ng búhay na walang hanggan. Sapagkat hindi sinugo ng Diyos sa daigdig ang kaniyang Anak upang hatulan ang daigdig kundi upang sa pamamagitan nito'y maligtas ang daigdig. Ang sumasampalataya sa kaniya ay hindi hinahatulan, ngunit ang hindi sumasampalataya ay nahatulan na, sa dahilang hindi siya sumampalataya sa pangalan ng bugtong na Anak ng Diyos.

# Doktrina/Turo ng Simbahan

Ang Simbahan ay kumakalinga, umaaliw at nagpapalakas ng kalooban ng Katolikong nasa bingit ng kamatayan sa kaniyang paglalakbay sa búhay na ito. Binibigyang-diin ng ministeryong ito para sa nasa bingit ng kamatayan, na binubuo ng pagpapahid ng langis at pagtanggap ng Eukaristiya bílang Biatiko ang tiwala sa ipinangakong búhay na walang hanggan ng Panginoon. Ginagawang ganap at ginagantimpalaan ng Eukaristiya bílang Biatiko ang ating búhay bílang Kristiyano sa lupa (KPK, 1839).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang mapasalamatan si San Jose sa kaniyang pamamatnubay kahit sa mga nag-aagaw-búhay
- Upang kilalanin ang kabutihan ng Diyos sa pagkakaloob ng patron na susubaybay lalo na sa hulíng sandali ng búhay sa mundo

# Makatáong Pagpapahalaga

Ang búhay natin ay may hangganan sa mundo. Sana nga ay nagawa natin ang dapat at mabuti. Sa panahon ng pag-aagaw-búhay, kagaya ni San Jose na may buong-pusong tiwala at pagmamahal sa Diyos, ay ialay natin ang ating natitirang búhay sa Diyos. Magpasalamat táyo sa Kaniya sa kabutihang-loob na ipinakita niya. Bagamat pahiram lang ang búhay natin, purihin natin ang Diyos sa pagbubuhos ng biyaya sa kabila ng ating kahinaan at kasalanan.



## Moralidad

**Bago man lámang tuluyang humiwalay ang ating kaluluwa sa ating pagal na katawan, mahalagang makahingi rin táyo ng tawad sa mga táong nasaktan natin, nagawan natin ng pagkakasala, at sa Diyos na nagawan natin ng kasamaan. Mahalagang makapagkumpisal at makapagkomunyon bago ang kamatayan dahil pinababalik ng mga sakramentong ito ang ugnayan ng tao sa Diyos na nasira ng kasamaan at kasalanan. Ang isang masaya, banal, at magaang kamatayan ay iyong isinuko mo na ang lahat sa Diyos.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Ano ang iyong habilin kung sakaling ikaw ay nag-aagaw-búhay na? Bakit?



## Panalangin

Minamahal kong Hesus, lahat kami ay darating sa punto ng paghihingalo. Salamat sa pahiram mong búhay. Nawa, kagaya ni  San Jose ay maialay at mabitawan na namin ang lahat sa kamay ni Hesus. Amen.

# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Maunawaan ang kahalagahan ng ugnayan sa Diyos at limitasyon ng búhay ng tao

## Pagsasabúhay

Magkaroon ng isang pusong laging nagpapasalamat sa mga biyayang ipinagkaloob ng Diyos

## Pagbabahagi

Maibahagi sa iba ang tákot at pangambang dulot ng pag-aagaw-búhay at ang pagsuko sa Diyos ng lahat-lahat



ARALÍNG KATESISMO BLG. 29

# Kilabot ng mga Diyablo

## Panimula

Akala natin, kathang-isip lámang ang diyablo, si Satanas, at ang kasamaan sa mundo. Totoong may diyablo, mga puwersang naninira, tumutukso, at nagdadala sa tao sa kapahamakan at nilalabanan ang Diyos. Ngunit ang mga santo ay hinirang at itinalaga ng Diyos upang maging paraan at sandata Niya upang mapanatili ang kabutihan at kaayusan, mailigtas ang mga nilalang, at hindi tuluyang malugmok ang tao sa kasalanan. Si San Jose ay kilabot ng mga diyablo. Ang lakas niya ay isang biyaya ng Diyos.

## Pagsamba

### Mateo 4:1-11

Pagkatapos, si Hesus ay inihatid ng espiritu sa ílang upang tuksuhin ng diyablo. Nang makapag-ayuno na nang 40 araw at 40 gabí ay nagutom siya. Kaya nilapitan siya ng manunukso at sinabi, "Kung ikaw ang Anak ng Diyos, ipag-utos mo na maging tinapay ang mga batong ito." Nasusulat: "Hindi lámang nabubúhay ang tao sa tinapay kundi sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng Diyos." Pagkatapos, dinala siya ng diyablo sa lungsod na banal at inilagay sa taluktok ng templo, "Kung ikaw ang anak ng Diyos, magpatihulog ka sapagkat nasusulat: ihahabilin ka niya sa kaniyang mga anghel at aalalayan ka ng kanilang mga kamay upang di ka matisod sa bato." Sabi ni Hesus, nasusulat: "Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon iyong Diyos." Dinala naman siya ng diyablo sa isang napakataas na bundok at ipinakita sa kaniya ang lahat ng kaharian ng daigdig at ang kaluwalhatian nito. Sinabi sa kaniya, "Ang lahat ng ito ay ibibigay ko sa iyo kung ikaw ay magpapatirapa at sumamba sa akin." Sabi ni Hesus, "Lumayo ka, Satanas sapagkat nasusulat:

Sasambahin mo ang Panginoong iyong Diyos at siya lámang ang iyong paglilingkuran." Iniwan siya pagkatapos ng diyablo at nagsidating ang mga anghel upang paglingkuran siya.

## Doktrina/Turo ng Simbahan



Bílang mapagpalaya, mapagbalik-loob at mapagmahal na katotohanan, ang pagiging isa ng Diyos ay maaring maging batayan ng ating personal na kalayaan, at ng ating pagkakaisa kasáma ang lahat ng ating mga kapatid sa ilalim ng ating Amang nasa Langit, at ng ating pagmamahal sa bawat isa. Naipahahayag ang batayang ito sa pagpapanibago ng panunumpa sa Binyag tuwing Misa ng Sabado Santo. Natitipon bílang sambayanan, pagkatapos talikdan si Satanas pati na ang kaniyang lahat na gawain at hungkag na mga pangako, taimtim nating pinagtitibay ang ating pananampalataya sa Diyos Ama, kay Hesukristo at sa Espiritu Santo (KPK, 883).

## Tugon ng Mananampalataya

- Upang makita ang pinagmumulan ng lakas ni San Jose na kilabot ng mga diyablo

- Upang muli ay manariwa ang pangako sa binyag na ating sinasambit bílang paalaala ng ating pagiging Kristiyano

## Makatáong Pagpapahalaga

Matindi ang tákot ng mga diyablo kay San Jose. Ang panangga ni San Jose laban sa kanila ay ang kaniyang kalinisan ng pagkatao na sinisimbolo ng puting liryo (*lily*) na tabak ng kalinisan (Calloway, 2020, p. 73). Siya ay ama ni Hesus sa lupa at anomang paninira at pangwawasak ng diyablo ay walang katapat sa kapangyarihan ni San Jose na nagmula sa Diyos.

## Moralidad

**Sa panahon ng tukso at pang-aakit ng diyablo tungo sa kasamaan, ang maka-amang patnubay at kalakasan ni San Jose ang ating pananggalang. Si Herodes na ubod ng samâ ay hindi nagtagumpay kay San Jose dahil ang kooperasyon ni San Jose sa plano ng Diyos ay mahigpit at matatag. Hindi natin kayang labanan ang isang diyablo gámit lámang ang ating makatáong lakas. Kailangan natin ang pananampalataya sa Diyos at ang tulong ng mga banal lalo na si San Jose na ama ni Hesus upang mabigo ang diyablo sa atin.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Naranasan mo na ba ang matinding tukso at paninira ng diyablo? Paano mo ito napaglabanan? Bakit?

## Panalangin

Minamahal kong Hesus, sa panahon ng matinding pananalasa ng diyablo, hinihiling namin ang tulong ni San Jose. Nawa ay iligtas niya kami sa kapahamakan at sa kuko ng diyablo. Amen.



# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Maunawaan na totoo ang diyablo na naninira ng búhay ng tao

## Pagsasabúhay

Magkaroon ng mahigpit at matatag na pananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ni San Jose

## Pagbabahagi

Maibahagi sa iba ang karanasan ng pagkapit kay San Jose sa panahon ng matinding presensiya ng diyablo sa ating búhay



ARALÍNG KATESISMO BLG. 30

# Proteksiyon ng Banal na Simbahan

## Panimula

Ang Simbahan ay ang Katawan ni Kristo sa lupa. Sa kasaysayan ay maraming nais gibain, sirain, at wasakin ang Simbahang ito. Ngunit hindi sila nagtagumpay dahil hindi nila alam na ito ang katawan ni Kristo na sinasabi ni San Pablo (Juan 15:5). Patuloy pa rin ang paninira sa Simbahan sa pamamagitan ng kaliwa't kanang pagbatikos dito at sa kaniyang mga gawain.



## Pagsamba

### Juan 15:5-6

Ako ang punò ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin at ako sa kaniya ay namumunga nang masagana sapagkat kung wala ako ay wala kayong magagawang anoman.

# Doktrina/Turo ng Simbahan

Ang Simbahan ay hindi lámang isang parang katawan kundi ang Katawan ni Kristo; tunay na pinag-isa sa kaniyang Katawang Mistiko. Ang "mistiko" ay hindi nangangahulugang 'di-totoo' kundi isang katotohanang hindi limitado sa panlabas na kaanyuan lámang. Samakatuwid, ito ay matatamo lámang sa pamamagitan ng pananampalataya sapagkat ito'y kabilang sa misteryo ng mapanligtas na plano ng Diyos na nakatago sa mahabang panahon ngunit ipinahayag sa Ebanghelyo (KPK, 1385).

# Tugon ng Mananampalataya

- Upang malaman ang kahalagahan ng Simbahan bílang Katawang Mistiko ni Kristo
- Upang lumalim ang pananampalataya sa presensiya ng Diyos sa Simbahan

# Pagpapahalaga

Ang Simbahan ay banal, ngunit binubuo ng mga táong marurupok, mahihina, at makasalanan. Mula sa Santo Papa hanggang sa simpleng parokyano ang mukha ng Simbahan. Pero tandaan na ang punò ng Simbahan ay si Hesus, ang anak ng Diyos. Gustong sirain ng diyablo ang Simbahan sa pamamagitan ng panunukso sa mga "sanga" nito – tukso ng kapangyarihan, kayamanan, at katanyagan. Pero hindi kailanman mawawasak ang Simbahan dahil Diyos ang may nais nito.



## Moralidad

**Kung mulát ang isang binyágan na siya ay miyembro ng Simbahan, gagawin siyang paraan ng diyablo upang mapabagsak ang Simbahan. Alam ng diyablo ang ating kahinaan (basahin – *Screwtape letters*, CS Lewis). Hindi na natin dapat turuan ang diyablo ngunit huwag natin siyang subukin dahil tanging ang Diyos at ang mga banal na itinalaga at isinugo ng Diyos ang makatatapat sa kaniya. Ang katatagan natin ay sa Diyos lámang.**

# Pagpapalalim

## Gabay-Tanong

Paano mo ipinagtatanggol ang Inang Simbahan laban sa diyablo/ paninira? Bakit? Nagtagumpay ka ba?

## Panalangin

Minamahal kong Hesus, salamat kay San Jose na patron ng Simbahang Katolika. Nawa ay patuloy kaming dumulog sa kaniya sa panahon ng matinding pagsubok. Amen.



# Sigasig sa Misyon

## Pag-unawa

Maunawaan ang misyon ni San Jose sa pangangalaga ng Katawang Mistiko ni Kristo

## Pagsasabúhay

Magkaroon ng mapagwari at mapagbantay na kalooban sa kilos ng mga naninira sa Simbahan

## Pagbabahagi

Maibahagi ang biyaya ng Diyos na tinatanggap sa pagtatanggol sa pananampalataya





# Panalangin kay San Jose
# Ad Te, Beate Ioseph (Sa Iyo, O, San Jose)

**(Santo Papa Leo XIII, *Quamquam Pluries*)**
**(Salin ni Reb P. Jun E. Flores)**

Sa Iyo, o, Banal na Jose, kami ay lumalapit dala ang aming mga hinaing, at kalakip ang aming pagsamo sa iyong Banal na Kabiyak, kami ay humihiling ng iyong pamamatnubay.

Sa pamamagitan ng pag-ibig na siyang nagbubuklod sa iyo sa Kalinis-linisang Birheng Ina ng Diyos, at sa pamamagitan ng maka-amang pag-ibig na iyong ipinaranas sa iyong Anak na si Hesus, mapagpakumbabang hinihiling naming alalahanin ang minanang makasalanang kalagayan na tinubos sa pamamagitan ng dugo ni Hesukristo at sa iyong kapangyarihan at lakas ay matulungan kami sa aming mga pangangailangan.

O, dakilang tagapangalaga ng Banal na Mag-anak, ipagtanggol mo ang mga piniling anak ni Hesukristo; o, mapagmahal na ama, ilayo mo kami sa bawat pagkakamali at nakasisirang kapangyarihan; o, aming tagapagtanggol, maging mabuti ka sa amin at sa langit ay alalayan kami sa aming pakikipagtunggali sa kapangyarihan ng kadiliman.

Minsang iniligtas mo ang iyong anak na si Hesus sa kamatayan, sana ay ipagtanggol mo ang Inang Simbahan mula sa paninira ng kaaway; ipagtanggol mo rin ang bawat isa sa amin sa pamamagitan ng iyong patuloy na proteksiyon nang sa gayon, sa pamamagitan ng iyong halimbawa at tulong, kami ay makapamuhay sa pananalangin, mamatay nang may kabanalan, at matamo ang walang hanggang kaligayahan sa Langit. Amen.

# Panalangin ng Pagtatalaga ng Sarili kay San Jose

## Buhat sa *Daily Act of Consecration* to Saint Joseph ni Fr. Donald Calloway, MIC
## Salin ni Ms. Jean Ratcho

San Jose, kabiyak ni Maria,
dalisay na ama ni Hesus at aking espirituwal na ama,
itinatalaga ko ang aking sarili nang buong-buo.
Buong pagmamahal kong niyayakap ang pagiging ama mo
at sumilong sa ilalim ng iyong balabal.
Sa araw na ito, tulungan mo akong manalangin at maging banal,
protektahan mo ako sa mga silo ng kaaway,
at ilayo mo ako sa pagkakasala.
Kung sakaling ito na ang aking hulíng hininga,
nasa tabi kita, dalhin mo ako sa Langit
para makasáma sina Hesus at Maria.
Amen.

# Bibliyograpiya


Austin Flannery, O.P. (ed.) (1991). Vatican Council II “Ad Gentes Divinitus” (AGD). Costello Publishing Company.

Austin Flannery, O.P. (ed.) (1991). Vatican Council II “Apostolicam Actuositatem” (AA). Costello Publishing Company.

Catholic Bishop’s Conference of the Philippines. (2004). Acts and Decrees of the 2nd Plenary Council of the Philippines (PCP II). Paulines Publishing House.

Catholic Bishop’s Conference of the Philippines. (2007). Katesismo para sa mga Pilipinong Katoliko (KPK). Claretian Publications.

Catholic Bishop’s Conference of the Philippines. (2021). Catechetical Modules: Christian Faith: Call, Gift, Mission

Clives S. Lewis. (1996). The Screwtape Letters. Harper Collins Publishers.

Donald H. Calloway, MIC. (2020). Consecration to St. Joseph. Marian Press.

Reb. P. Jun E. Flores (2021). Gabay sa 33-Araw ng Paghahanda para sa Pagtatalaga ng Sarili kay San Jose. (*unpublished module*)

Gabriel Marcel. (2020). What Makes Man Truly Human? Tingnan ang http:filipinophilosophy.weebly.com/philosophy/what-makes-man-truly-human

George E. Ganss, SJ. (trans). (1993). Spiritual Exercises of St. Ignatius. Institute of Jesuit Sources.

Msgr. Jose C. Abriol. (2000). Ang Banal na Biblia. St. Paul’s Publication.

Pope Benedict XV. (1920). Motu Propio "Bonum Sane" (BS) ng Santo Papa Benedikto XV. Tingnan ang http://www.vatican.va/content/benedict-xv/la/motu_proprio/documents/hf_ben-xv_motu_proprio_19200725_bonum-sane.html

Pope Francis. (2013). Apostolic Exhortation "Evangelii Gaudium" (EG) ng Santo Papa Francisco. Tingnan ang http://www.vatican.va/content/francesco/en/apost_exhortations/documents/papa-francesco_esortazione-ap_20131124_evangelii-gaudium.html

Pope Francis. (2016). Apostolic Exhortation "Amoris Laetitia" (AL) ng Santo Papa Francisco. Tingnan ang https://www.vatican.va/content/dam/francesco/pdf/apost_exhortations/documents/papa-francesco_esortazione-ap_20160319_amoris-laetitia_en.pdf

Pope Francis. (2020). Apostolic Letter "Patris Corde" (PC) ng Santo Papa Francisco. Tingnan ang http://www.vatican.va/contentfrancesco/en/apost_letters/documents/papa-francesco-lettera-ap_20201208_patris-corde.html

Pope John Paul II. (1979). Apostolic Exhortation "Catechesi Tradendae" (CT). Tingnan ang http://www.vatican.va/content john-paul-ii/en/apost_exhortations/documents/hf_jpii_exh_16101979_catechesi-tradendae.html

Pope John Paul II. (1989). Apostolic Exhortation "Redemptoris Custos" (RC) ng Santo Papa Juan Pablo II. Tingnan ang http://www.vatican.va/content/john-paul-ii/en/apost_exhortations/documents/hf_jp-ii_exh_15081989_redemptoris-custos.html

Pope Leo XIII. (1889). Encyclical "Quamquam Pluries" (QP) ng Santo Papa Leo XIII. Tingnan ang http://www.vatican.va/content/leo-xiii/en/encyclicals/documents/hf_lxiii_enc_15081889_quamquam-pluries.html

Pope Pius X. (1870). Papal Decree "Quemadmodum Deus" (QD) ng Santo Papa Pio X. Tingnan ang https://osjusa.org/st-joseph/magisterium/quemadmodum-deus/


"Matularan nawa natin si San Jose. Táyo rin ay tinatawag na isabuhay ang mga kabutihang ipinamalas niya nang tahimik at nakatago. Siya ay huwaran natin sa pananampalataya at sa pagiging tapat, masipag, dalisay, at uliran. Pumunta táyo kay San Jose at nang matutuhan nating pakaingatan at pakamahalin ang pinakamahalagang kayamanan natin. Walang iba kundi si Hesus."

**†Obispo Roberto C. Mallari, DD**
*Tagapamuno, CBCP-ECCCE*
*Diocese of San Jose de Nueva Ecija*

"Nawa'y ang bawat makasilip ng mga naisulat sa modyul na ito ay marinig ang tinig ng katahimikan sa búhay at kabanalan ni San Jose na walang bumabagabag na ingay. Na tulad ng mabuting panaginip, ang sinumang magninilay gámit ang modyul, ay makatatanggap ng biyaya ng katahimikang magpapalalim sa banal na misyong inihabilin ng Poong Maykapal."

**Prop. Clarence M. Batan, PhD**
*Lider Mananaliksik, NCS 2021: PARI Project*

## Ang May-akda



Si **Reb. P. Jun E. Flores, PhD** ay isang Ilokano mula sa Cuyapo, Nueva Ecija. Siya ay isang *registered medical technologist*. Hinubog siya bílang pari sa *San Jose Seminary* at nagtapos ng *MA Pastoral Ministry* sa *Loyola School of Theology ng Ateneo de Manila University*. Nagpakadalubhasa din siya sa larangan ng edukasyon at nagtapos siya ng *MA in Educational Management* at *PhD in Educational Management (Benemeritus)* sa *College of the Immaculate Conception*, Cabanatuan, Nueva Ecija.

Si Padre Jun ay tapat sa kaniyang misyon na dalhin ang Diyos sa lahat ng dako, lalo na sa mga higit na nangangailangan nito. Sa 21 taóng paglilingkod, naninindigan siya na "sa búhay at pagganap ng ministeryo (*in opus ministerii*) ay higit na napapupurihan ang Diyos (*Ad majorem Dei gloriam*)". Ang kanyang malalim na debosyon sa Mahal na Inang Maria at San Jose ang nagbigay-inspirasyon sa biyaya ng pagsusulat, pagbubuo, at pagbabahagi ng akdang ito para sa Sambayanan ng Diyos.

*Ambag ng Unibersidad ng Santo Tomas (UST) sa paggunita ng 500 Taon ng Kristiyanismo sa Pilipinas.*

Isang *Research-based Intervention Outcome* (RIO) ng pilíng mga katekista at lider kateketiko batay sa mga resulta ng *National Catechetical Study (NCS) 2016-2021: Pastoral Action Research and Intervention (PARI) Project* ng *Research Center for Social Sciences & Education (RCSSED), University of Santo Tomas (UST)*

# Katesismo kay San Jose: Kabanalang Tinig ng Katahimikan
Layout Study

## Typography

Goudy Old Style

Helvetica Neue LT Std

## Color Palette

CMYK/8

## Document Information

**Size:** 6 x 9 in

**Margin:** Inner - .75 in | Outer - .5 in | Top - .25 in | Bottom - .75 in

**Bleed:** .125 in